

# PAGHAHANDANG PAGBIBILANG



Salamat, kongregasyon. Manalangin po tayó.

Pangoonong Jesus, kami po'y laging pinagpapala sa tuwing Ikaw po'y nasa, o, kami'y nasa Iyong Presensya. At dalangin po namin sa hapon na ito na kami'y katagpuin Mo uli sa isa na namang dakilang paraan, at ipangyari uli sa amin ang—ang di inaasahan, sa araw na ito. Ang araw na ito'y ipinagkaloob para ipanalangin ang mga maysakit; inilalaan namin ito. Dalangin ko po, Pangoonong Jesus, na sa paglabas namin dito'y walang kahit isang manatiling nanghihina.

Pinasasalamatan Kita para sa pagtutulot na maging kaaya-aya ako sa mga taong narito. Nawa'y ang mga bagay na aking sinalita, Panginoon, nawa'y maging tunay ang dating nito sa mga tao, dahil Ito'y Iyong Salita. Ngayon, kami'y nag-aasam na Iyo kaming kakatagpuin ngayon, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Maaari na pong makaupo.

Gusto kong pasalamatán si Kapatid na Winners, at pati ang napaka inam na grupo ng mga ministro na nakipagtulungan, na maitaguyod ang pagtitipong ito, sa inyo pong lahat na mga ministrong nakipagtulungan, sa bawat taong nagpunta, at sa inyong masigasig na suporta sa espirituwal na bahagi. Naging madali po ang makapangusap dito; napaka hirap tuloy sa aking bumaba sa entablado; kaya ko pa sanang manatili ng ilan pang oras. At—at sa lahat ng inyo pong pagsisikap, pinasasalamatan namin ang mga tao, maging itong pinagdadausan ngayon, mga nangangasiwa, o kung paano n'yo napapanatili ang kaayusan dito, dahil sa binigyan n'yo kami ng pribilehiyo na pagdausan ang lugar na ito. Sa bawat iglesya: dalangin ko na paramihin pa nang lubos ng Diyos ang mga miyembro n'yo at pasiglahin kayo sa Espiritu at sadyang papangyarihin nang lubhang sagana higit sa lahat ang lahat ng inyong inaasam; nawa'y ipangyari pa Niya 'yun nang higit doon. Pinasasalamatan ko rin ang Christian Businessmen, ang Full Gospel Businessmen, sa kanilang mainam na suporta, rin, na kami'y tinulungan dito.

Si Kapatid na Paul Cain, narito siya ngayon kasama natin, sa palagay ko'y galing siya sa pag-aayuno. Buweno, heto na po siya, nakaupo mismo sa likuran ko. Naku, ang laki ng ibinata niya. Halos di ko na siya nakilala. Medyo mataba kasi siya dati, pero pumayat na ngayon, at di ko tuloy siya halos nakilala.

Nakita ko nga siya sa isang pangitain nung isang gabi sa may . . . sa may Ramada Inn; may isang binibini dun na kanya pong ipinapanalangin at kanya ngang ipinanalangin- . . . 'yung binibini'y naipanalangin na niya dati, at hindi ko nga nakilala kung sino siya, agad. Sinusubaybayan ko 'yung pangitain. Sabi

ko, “May isang lalaki.” At nung ’yung lalaki . . . aking . . . Oh, lumapit ’yung pangitain, at mas naaninag ko siya, tapos sabi ko, “Si Paul Cain ito. Siya—siya ’yung nanalangin noon para sa iyo.” At—at ’yung babae—’yung babae nga’y gumaling.

Kaya, nagpapasalamat tayo sa Panginoon dahil sa Kanyang kabutihan at kaawaan. At mga kaibigan, wala ngang paraan para ihayag kung anuman ang iniisip natin. At alam natin na darating ’yung katulad din nito na magkakatagpo-tagpo tayo na magkakasama bilang isang grupo, tulad nga nito ngayon, sa pinaka huli nating pagkakataon. Hindi natin alam kung kailan ’yan.

Ang kalugud-lugod na pastor n’yo rito, kasama n’yo, na kongregasyon, ako’y inanyayahan n’yo na makabalik uli rito: ako po’y nagalak nung sabihin n’yo, “Kung ito ang kalooban ng Panginoon.” Gusto ko pong sa ganoong paraan lagi humayo.

Hindi ko hinahayaang lumampas ang mga pagtitipon ko na aabot na sa puntong di na tuloy ako makapunta sa mga dakong isinugo ako ng Panginoon. Saanman ’yan . . . sa dako man ’yan na lilima ang tao, iisa ang tao, at kung gusto Niyang mangaral ako sa . . . Buweno, nakapangaral ako minsan nang isang beses sa limang-daang libo, sa Bombay, India. At nangaral din ako sa Durban, Timog Aprika sa halos dalawang-daang libo o higit; tatlumpung libo ang naakay, nung hapon ding ’yun, kay Cristo, lahat mga katutubo. At nito-nito lang nagdaos naman ako ng rebaybal sa isang simbahan na di siguro aabot sa dalawampu ang maipagkakasya n’yo dun. Kita n’yo?

Buweno ngayon, may mga kapatid na lalaki tayong may malalaking pagmi-ministryo, hindi sila makapunta sa ganun dahil di na kaya ng gastos nila. Kailangan din kasi ng malakilaking halaga para makapagdaos ng ganun. At sila’y pinagpala ng Diyos.

At tunay ngang nalulugod ako sa kanila, at lalo na po, kay Paul Cain dito, Oral Roberts, at sa marami pa sa kanila na mga magiging na kawal ng pananampalataya, na, pakiramdam ko nga’y mababa lang ako kung tatayo ako sa harapan nila. Sila’y matatalino, edukado, intelihenteng mga kalalakihan; at sila’y nagpapagal para sa Panginoon; at tinawag sila ng Panginoon para sa isang gawain, at kanilang ginagampanan ang gawaing ito.

Hindi ko—hindi ko sila puwedeng palitan sa lugar nila. At alam ’yan ng Diyos. At di ko—di ko kaya ’yung ginagawa nila na mangasiwa ng ganito’t ganoon, gaya ng ginagawa nila. At ’yan ang dahila’t pinapanatili Niya akong mababa ang loob, sa palagay ko, at—at sadyang pinapanatili akong ganito. Pero, nagagawa ko ngang magpunta sa unahan at pinaka unahan, at maglatag ng pundasyon hanggang sa umabot na sa kasapatan na

ang lahat ay nagkakalakip-lakip, makikita ng mga tao ang mga malalaking mga ministro—ministro ng . . .

Hindi sila ministrong malaki. Hindi po 'yun ang ibig kong sabihin. Walang malaki o mababa sa kalagitnaan natin. Parepareho lang tayo, kita n'yo. Pero may mga kalalakihan nga na sadyang may ganung mga responsibilidad, na sila'y, marahil, di sila makadako sa isang lugar na 'yun, dahil kinakailangan nila ng libo-libong dolyar kada araw para maitaguyod 'yung mga programa nila sa telebisyon at iba pang sinusuportahan. At nais ko ngang mangusap sa tuwina para sa mga kalalakihang ito nang sa gayon matulungan sila ng mga tao, alam n'yo, dahil sila'y nangangailangan talaga ng tulong. At tayo nama'y laging nakaagapay sa lahat ng bagay na itinataguyod si Jesus Cristo. Sumusuporta tayo sa ganyan.

Ngayon, naordenahan po ako noong araw, sa Missionary Baptist Church po ito ni Dr. Roy E. Davis. At hindi po ako pinaalis dun, ako po ang kusang lumabas, dahil nagagawa kong makalakad sa pagitan ng mga kaiglesyahan, at 'yun ang pagmi-ministryong ibinigay Niya sa akin, 'yun bang hindi maglagay ng kung anu-anong denominasyon, bagkus mailagay ang ating mga braso sa balikat ng bawat isa, at sabihin, "Magkakapatid tayo. Lumakad tayo." Kaya, nagpapasalamat po talaga ako sa paanyaya n'yong ito.

Kanina binabanggit nila sa akin dun, na kumuha pala sila ng love offering. Buweno, hindi ako—hindi ako karapat-dapat na tumanggap nun, at hindi ko rin hiniling 'yun. Pero dahil sa nagawa n'yo na po ito, gagawin ko ang pinaka mainam kong magagawa, kung ang mga gastusin ay bayad na (kung hindi pa bayad, ilagay n'yo ito roon), kung bayad na, haya't, alam n'yo po ba ang gagawin ko dun? Ilalagay ko ito sa pagmimisyon sa ibayong-dagat; tapos ako mismo ang hahayo sa pagmimisyon na 'yun, nang sa gayon makita ko mismo na itong pagmi-ministryo na sinusuportahan n'yo: madala ko ito sa mga tao sa dako roon na walang kakayahang magtustos ng ganito. Kaya naman sila'y . . . di na gagastos pa ni isang kusing.

May mga tao po sa dako roon na hindi nila alam kung alin ang kanang kamay at kaliwang kamay, nakaupo sila kung saan man at kinakain anumang mahagilap nila na makakain, at ilan sa kanila ang nagugutom sa kalsada't lahat na. Sisikapin kong dalhin ito sa kanila, at dalhin ang Mensahe sa pinaka mainam na makakaya ko gaya ng nasaksihan n'yo na ginagawa rito. At kinikilala ito ng Diyos; at ang pera n'yo ay nailaan na rito.

Sa totoo po, di ko na 'yun nasilip, di ko na 'yun nabilang. Diretso pong inilagay 'yun sa pondo; at ang pondong 'yun ay magagamit lamang sa pagmimisyon sa ibayong-dagat. Ganoon po. Hindi po 'yun para sa pang-araw-araw kong gastusin. Ang iglesya ang nagbibigay para sa pang-araw-araw kong gastusin:

sandaang dolyar kada linggo. Yun lang po ang nakukuha ko, sandaang dolyar kada linggo.

At itong. . . mga pondong ito'y napupunta para makatulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo. At hiwalay na pondo po ito; hawak ito ng lupon ng mga tagapangasiwa sa tabernakulo. At kaya naman, di talaga ito puwedeng gastusin sa pansarili kong pangangailangan, o sinumang indibiduwal, o anumang bagay, kundi, sa pagmimisyon lamang sa ibayong-dagat.

At kapag nakalikom na kami ng sapat para makahayo na (para hindi na kami manghingi sa kanila; o makiusap na mag-ambag sila pagdating namin dun; di na kailangang kumuha ng kaloob o anupaman), pupunta kami dun at ang pera n'yo ang gagamitin namin. Kaya pakiramdam ko nga'y mga katuwang ko kayo na tumutulong na maipaabot sa kanila ang mga bagay na gaya nito sa atin. At kapag nakalikom na para sa Panginoon nang sapat gaya n'yan, haya't makakaramdam ako ng udyok na magpunta sa isang lugar at hahayo ako dun. Ipanalangin n'yo ako, maaari po ba? Ngayon, 'yan po ang hangad ko na gagawin n'yo, ang maipanalangin ako. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Pagpalain kayo. Kung di ko na kayo makita uli sa ibayong ito ng ilog, sa umagang 'yun na magiging, oh, sadyang magiging madilim sa dakong 'yun, inyo lamang—inyo lamang hawakang mainam ang inyong Tanda. Tandaan n'yo lamang po, sumakay lang kayo sa bangka, pasasakayin Niya kayo; bayad na ang pamasaha n'yo. Siguraduhin n'yo lang na nasa inyo na ang Tanda ngayon, Yun lang kasi ang kikilalanin Niya.

Ngayon, tumayo muna po tayo pansumandali, muli, bilang paggalang sa Salita.

Ngayon, nasa mga tatlung minuto, tatlung'at limang minuto na tayong atrasado. Hindi na ako magsasalita nang mahaba't kaunti na lamang, dahil magkakaroon tayo ng pila sa pananalangin maya-maya, tatawagin natin ang mga narito na may hawak-hawak na prayer card, para ipanalangin sila. Yan ang ipinangako namin.

<sup>2</sup> Pero ngayon tumayo lamang po tayo bilang paggalang sa Salita, habang binabasa ko rito ang bahagi ng Kasulatan, at humihingi ako sa Diyos ng konteksto para sa aking teksto. Tayo'y bumuklat sa Mga Hebreo, ika-11 kabanata, kung gusto n'yong sundan habang bumabasa tayo.

*Ngayon ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, at ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita.*

*Sapagka't sa pamamagitan nito ang mga matanda ay sinaksihan.*

*Sa pananampalataya ay natatalastas natin na ang sanglibutan ay natatag sa pamamagitan ng salita ng*

*Dios, ano pa't ang nakikita ay hindi ginawa sa mga bagay na nakikita.*

<sup>3</sup> Manalangin tayo. Panginoon, pagpalain Mo po ang Iyong Salita. Iyo pong dalisayin ang instrumento na gagamitin para rito. At nawa ang instrumentong ito'y lumakip sa Salita, upang magpalabas ng Buhay at mapaging buhay muli ang Salita sa harap namin. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

<sup>4</sup> Ngayon ituon n'yo sa akin ang buo n'yong atensyon nang ilang sandali lamang, mga dalawampung minuto. May munting teksto ako rito, nais ko pong pamagatan itong: *Paghahandang Pagbibilang*.

<sup>5</sup> Alam n'yo po, itong lahat ng mga bagay, narinig n'yo ba ang sinabi sa Kasulatan kanina? Ang mga bagay, na nakikita natin, ang mga ito'y ginawa sa mga bagay na di nakikita, dahil ang Salita ng Diyos ang Siyang nagsalita upang lumitaw ang mga bagay-bagay. Itong mundo na kinalalagyan natin ngayon, ang mga upuan na kinauupuan natin, ang sahig na inaapakan natin, ang lupa, ang mga punong kahoy, lahat, ang mga ito'y wala nang iba kundi interpretasyon ng Salita ng Diyos. Sa tuwing binibigyan ito ng Diyos ng interpretasyon, sa tuwing nagkakaroon ito ng kaganapan, dun nga ito nahahayag. "Magkaroon," at nagkaroon nga. "Magkaroon," at nagkaroon nga. At kung titingnan nga ang kalikasan, kung paano ang pagkakabuo rito.

<sup>6</sup> Ngayon, sa tuwina'y ang kalikasan ang Biblia ko. Gaya ng nalalaman ng bawat isa, na naging ano ko na... naging tagapakinig ko na, sa tuwing ako'y magsasalita, ako nga'y halos mabibilang sa panig ng mga hindi nakapag-aral, at bahagya lang na nakakabasa. Hanggang ikapitong baitang lang ng pagieskuwela ang naabot ko. Ang karanasan ang marami ako. Kaya naman, sa pangangaral ko, kukuha ako ng inspirasyon ko at itinitipo ko 'yun sa isang bagay dun sa...sa kalikasan, para maintindihan n'yo ang sinasabi ko. Di ko naman kasi kayang gumamit ng mga salitang ginagamit ng matalino't, edukadong tao, dahil wala naman akong sapat na edukasyon para gawin 'yung ganun. Kaya sa kalikasan ako kumukuha, at itinitipo ko 'yun sa sinasabi ng inspirasyon sa akin, gamit ang kalikasan. Pakiramdam ko noon ako lang ang nag-iisang ganun, pero, nung isang beses... nabasa ko sa Biblia na 'yung mga propeta sa Lumang Tipan ay ganun din pala ang ginagawa nila.

<sup>7</sup> At ang pinaka dakilang propeta nga noon ay si Juan. At napansin natin, nung siyam na taong gulang siya, siya'y dinala ng Espiritu sa ilang, dahil siya ang magpapakilala sa Mesiyas. Ang tatay niya'y isang saserdote. Noon nga'y, kinagawian, na kanya—kanya dapat sundan ang yapak ng tatay niya. Pero, ang gampanin nga niya'y lubos na importante, para mamulot lang

siya ng etika na itinuturo ng kung sino-sino lang. Sa Diyos niya kinakailangang kunin ang kanyang mensahe. Kaya, nung siya'y edad trenta na ay lumabas siya mula sa ilang, walang pinag-aralan, subalit may nag-aalab na kasigasigan sa kanyang puso, taglay ang kapahayagan buhat sa Diyos, at pangitain, na siya ang magpapakilala sa Mesiyas. Ganoon na lamang kalinaw ang kapahayagan niya rito, na anupa't kanyang sinabi, "Sa gitna ninyo ay may Isang nakatayo, ngayon mismo, na hindi ninyo nakikilala." Isipin n'yo 'yun. "Isa na nakatayo sa gitna ninyo, sa dakong ito mismo, na hindi ninyo napagkikilala. Siya'y, ang Kanyang mga panyapak ay di ako karapat-dapat na magkalag, pero Siya sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at Apoy. Nasa Kanyang kamay ang Kanyang kalaykay."

<sup>8</sup> At napansin n'yo ba ang kanyang—kanyang pamamaraan ng pagsasalita? Ngayon, may sinabi siya dun sa mga Fariseo nung lumabas sila. Natalos niya, bilang propeta, talos niya ang nilalaman ng puso nila. At sabi nga niya, "Kayong mga lahi ng mga ulupong," sa madaling sabi'y mga ahas. Kita n'yo, sila'y, alam niya na ganun . . .

<sup>9</sup> Ngayon, kung ibang tao 'yun ay sasabihin nila, "kayong," ganito't ganoon, alam n'yo, gagamit ng . . . ng—ng maganda't, mataas na pananalita, "Kayong hamak na inkombenyensya," o anumang gusto n'yong itawag dun. Marahil mali 'yun; nakuha ko lang 'yun kung saan, kita n'yo. Kaya haya't maaari naman siyang gumamit sana ng ibang salita.

<sup>10</sup> Pero, kita n'yo, ang inspirasyon niya, alam niya na ang ahas ay tuso, at madaya, at pailalim umatake. Kaya ang sinabi niya, "Kayong mga lahi ng mga ahas, sino ang sa inyo'y nagpaunawa na magsitakas sa galit na darating? Huwag kayong magmalaki sa inyong mga sarili, na, 'Kaanib ako sa *ganito*, o *ganoon*,' dahil sinasabi ko sa inyo, na ang Diyos ay may kakayahang sa mga batong ito, maliliit na batong ito," gaya nga nung nakita niya noon sa ilang sa may pampang, "na magpalitaw ng mga anak ni Abraham. At ngayon pa'y, nakalagay na ang palakol sa ugat ng punong kahoy." Gaya nga nung nakita niya. "Bawat punong kahoy," gaya dun sa ilang, "na hindi namumunga," 'yun nga ang ginagamit niya na panggatong. Kita n'yo, "At nakaumang na sa ugat ng punong kahoy! At kung hindi ito nagbubunga ng mabuti, ito'y pinuputol at inihahagis sa apoy." Kita n'yo, ang inspirasyon niya'y nakasunod sa kalikasan.

<sup>11</sup> At—at kung pagmamasdan mo nang sadyang malapitan ang kalikasan, di ka nga mapapalayo sa Salita, dahil ang Diyos ay nasa kalikasan. Sa palagay ko, nung huling beses na nandito ako noon sa West Coast, naipangaral ko itong apat na paraan para makita ang Diyos; Diyos sa Kanyang Anak, Diyos sa Kanyang Salita, Diyos sa kalikasan, at iba pa.

12 Ngayon kung papansinin natin ang mga bagay na ginawa ng Diyos sa kalikasan, heto nga't mangungusap ako sa ganitong paraan, na ang mga bagay na natural ay tumitipo sa mga bagay na espirituwal, ito'y . . . dahil nga ginawa ito sa mga bagay na di nakikita. Ang Salita nga. Ngayon kunin po nating halimbawa 'yung . . .

13 Mga ilang buwan na ang nakararaan, ako'y naanyayahang mangaral, ng pangangaral sa libing, para sa isang minamahal na kaibigan ko. Marami sa inyo ang nabasa na ang aklat ko, at marahil naalala n'yo dun 'yung nung ako'y . . . may bata pong lalaki dun . . . isa siya sa mga boy scout, o parang ganun, at siya nga'y . . . hiniling ko sa kanya na ipagtabi niya ako ng . . . itabi niya ako ng pinaglumaan niyang cow- . . . o—o scout suit, kapag napaglumaan na niya 'yun. Buweno, ipinagtabi nga niya ako ng medyas. Naalala n'yo ba, sa aklat. At sinuot-suot ko 'yun noon. Si Lloyd Ford, kamamatay lang ng nanay niya nito-nito lang, nasa otsenta y singko anyos, talagang minamahal na kaibigan ko. At si Lloyd, dahil binata pa siya, haya't sa nanay niya siya nakatira, lumapit siya sa akin. At sabi niya, "Kapatid na Bill." Yun ang nakasanayan niyang tawag sa akin. Kami'y, ang tawag ko sa kanya ay Lloyd, Bill naman ang tawag niya sa akin.

Tapos sabi ko, "Anong gusto mo, Kapatid na Lloyd?"

Sabi niya, "Maaari ka bang—maaari ka bang mangaral sa libing ng nanay ko?"

14 Sabi ko, "Ikagagalak kong gawin 'yan. Para na rin kasing sa sarili kong nanay ito gagawin, siyanga." Sabi ko, "Pinagluto niya ako noon ng maraming makakain, at lahat na, at naging magiliw sa akin."

15 Sabi niya, "Gusto ko sanang sabihin mo ang mga huling salitang 'yun sa libing niya, Kapatid na Branham."

16 Sabi ko, "Ano 'yung gusto mong—ano 'yung gusto mong sabihin ko, Lloyd?"

17 Sabi niya, "Isang bagay lang ang gusto kong gawin mo sana. Tiyakin mo lang sa mga kamag-anak ko, tiyakin mo sa amin ang muli niyang pagkabuhay."

18 Kaya kinuha ko 'yung teksto na 'yun sa isang dako roon sa Job, 'yung pagkakataon na si Job ay pinagmamasdan niya ang kalikasan. At sabi ko, gaya nung . . .

19 Namatay ang sarili kong nanay, magdadalawang taon na rin nung mamatay ang sarili kong nanay. Yung nakababata kong kapatid na babae ay kaliligtas pa lamang niya, di pa ganoong katagalan, at lumapit siya sa akin at alam nga niya na lilisan na si nanay. At sabi niya, "Bill, anong gagawin ko?" Sabi, "Di ko na kayang tagalan, na tumayo roon at tingnan ang nanay."

Sabi ko, "Ito ang pinaka kaaya-ayang tanawin na nakita ko kailanman."

Sabi niya, “Paano mo nasasabi ’yan, at, sa sarili mo pang nanay?”

<sup>20</sup> “Oh,” sabi ko, “handa na siyang lumisan, at nagnanais na nga siyang lumisan. Matanda na siya, at handa na siyang lumisan mula sa buhay na ito.”

<sup>21</sup> Sabi ko sa kanya, “Nanay, ganoon pa rin bang kahalaga si Jesus sa iyo. . . gaya nung halaga Niya sa iyo nung matanggap mo ang Espiritu Santo?”

Sabi niya, “Oo.” Tapos nung, at sabi ko. . .

Nung di na niya kaya, sabi ko, “Ngumiti ka.”

<sup>22</sup> Nung talagang hinang-hina na siya, di na siya makangiti o makapagsalita, sabi ko, “Nanay, mamamatay ka na.” Nasa mga bisig ko siya. Sabi ko, “Nanay, kung si Jesus Cristo ay ganoon pa ring kahalaga sa iyo, at ganoon pa ring kalugud-lugod, o mas naging kalugud-lugod pa Siya mula noong tanggapin mo ang Espiritu Santo. Heto ako na iyong anak na mangangaral. Hinaharap ko sa tuwina ang publiko. Si Jesus ba’y ganoon pa ring kahalaga sa iyo, ngayong namamatay ka na? Kung oo, kung kaya mo pang magsalita. . .” At di na siya makapagsalita noon. Sabi ko, “Kaya mo pa bang magsalita, nanay?” Di na siya makakilos. Sabi ko, “Sige ikurap-kurap mo ang mata mo, nang mabilis.” At kinurap-kurap nga niya ang kanyang mga mata nang mabilis, at may tubig na gumuguhit sa kanyang mga pisngi. Di na niya kayang makapagsalita nung oras na ’yun, pero nadama nung pandama niya sa loob niya ang Presensya ni Jesus Cristo. Pagkatapos kaunting sandali lang, may umihip na Hangin papasok sa kuwarta, at lumisan na si nanay kasama nun, para katagpuin ang Diyos.

<sup>23</sup> Ngayon, ’yung babaing ’yun nung siya’y mamatay, sabi ko, “Mayroon bang pag-asa sa muling pagkabuhay?” Sabi ko, “Ang lahat ay. . .”

<sup>24</sup> Ako nga’y nabigyan ng pribilehiyo na makapangusap sa halos bawat bansa sa ilalim ng langit. Nakita ko na ang lahat ng klaseng diyus-diyosan at lahat na ng klaseng relihiyon, pero walang totoo sa mga ito kundi Cristianismo lang. Ito lang ang bukod-tangi. Maging ang kalikasan, mismo, ay nangungusap para sa Cristianismo, sa Diyos na Manlilikha!

<sup>25</sup> Masdan, may buhay, kamatayan, paglilibing, pagkabuhay na mag-uli! Pagkabuhay na mag-uli! Ang buong. . . Di ka nga maaaring pumunta sa labas nang di man lang ito nakikita. Masdan n’yo ang mga dahon na umuusbong tuwing tagsibol. Masdan n’yo mula sa kasibulan nila hanggang sa pagtanda, sa edad-media nila, at pagkatapos sa katandaan. At ’yung daluy-daluyan sa mga dahon, dala-dala dun ’yung buhay. Tapos kaunting minuto lang, makikita n’yo na di magtatagal, bago pa magkaroon ng kahit anong niyebe na babagsak o anupaman, ang mga dahon nga’y maglalagas muna. Ano ’yung nangyayari na



'yun? Yung buhay na nasa puno, 'yung dagta, bumababa 'yun papunta sa mga ugat. Kung hindi, papatayin nung lamig ng taglamig ang puno, papatayin 'yung buhay. Di nga maaaring manatili 'yun sa itaas. Kinakailangan nung bumaba at ibaon ang sarili nito. Pero pagsapit ng tagsibol para sa taon na 'yun, hetong nanunumbalik ito, may bagong dahon uli. Pinapatotoo nito na may buhay, kamatayan, pagkalibing, pagkabuhay na mag-uli. Ang lahat ay tumitipo. Di natin 'yun matatakas.

<sup>26</sup> Masdan n'yo ang araw sa pagsikat nito sa umaga, 'yung araw na nagbibigay-liwanag sa kalangitan. Isa 'yung munting sanggol, na hinehele sa bisig ng kanyang nanay, sa puntong mahina ito, walang masyadong buhay, di gaanong malakas. At bandang alas otso, nagi-eskuwela na. Alas onse y media, tapos na siya ng pag-aaral, tapos na ng hayskul at kolehiyo. At nasa kalakasan na niya siya, nang bandang alas dose hanggang alas dos. Tapos magsisimula na siyang manghina, nang manghina, nang manghina, nang manghina, hanggang sa lubos na ang panghihina niya katulad ng isang matandang lalaki o babae, nanghihina. Yun na ba ang kawakasan niya? Anupa't babalik siya kinabukasan ng umaga't magpapatotoo, "May pagkabuhay na mag-uli, at buhay paglampas sa kamatayan."

<sup>27</sup> Ang lahat ng bagay ay nagpapatotoo. Buong kalikasan ang nagpapatotoo. Ang Salita'y nagpapatotoo rito. Maging 'yung Mismong Espiritu na nasa puso natin, nagpapatotoo rito. May kung anong bagay sa kaloob-looban natin, ang tumatawag, na, "May pagkabuhay na mag-uli ng mga patay." Kaya, kita n'yo, maaaring sabihin na . . .

<sup>28</sup> Lahat ng bagay kung gaganapin nito ang layunin ng Diyos, may pagkabuhay na mag-uli ito. Ngunit babangon lamang ito kung gaganapin nito ang layunin ng Diyos. Kung ang isang bulaklak ay nabuhay at di naman nasibulan, di ito babangon muli. Kung magtatanim ka ng mais, at di 'yun nasibulan, di ito babangon muli. Lahat ng bagay na di gumanap sa layunin ng Diyos, wala nga silang pagkabuhay na mag-uli. Mangyari ring di mo mapapanatili sa lupa ang isang gumanap sa layunin ng Diyos. Babangon at babangon ito upang magpatotoo ng isang pagkabuhay na mag-uli. Alam nating ang lahat ng mga bagay na ito'y tama. Mga patotoo ang mga ito, na nagpapalakas ng ating kalooban. Bawat araw, saan ka man tumingin, makikita mo ang Diyos.

<sup>29</sup> May natural na katawan, ang mga tao. May espirituwal na Katawan ng mga tao.

<sup>30</sup> Mayroong nobya sa natural. Nagkaroon ako ng pribilehiyo na magkasal ng mainam na kabataang magkasintahan. At di ko itinuturing ito na para bang . . . 'yung pahaharapin ko sila nang paganoon, na para bang pamahiin ito, tapos 'yung—'yung likod ko'y nakatalikod ako sa Silangan, at ang magkasintahan

ay nakaharap naman sa Silangan. At habang tinitingnan ko sila, naiisip ko 'yung mga puso nila na iisa ang pagtibok, si Cristo at ang Kanyang Nobya. May nobya nga sa natural, at yamang may nobya sa natural, pinapatotoo lamang nito na may Nobya rin sa espirituwal. May Nobya sa espirituwal, dahil may nobya sa natural.

<sup>31</sup> Ang lahat ng mga kaganapang ito sa natural, haya't, pauna nilang ipinapakilala ang mga kaganapan sa espirituwal. Bawat kaganapan ay may nakaagapay na isa pang kaganapan, pero sa pagkakataong ito'y mas pinaigi pa lalo.

Sasabihin n'yo, "Tulad ng ano?"

<sup>32</sup> Buweno, tulad ng espirituwal na Buhay, sa pagdating nito sa natural na buhay, pinaigi nito ang natural na buhay. Ito'y, pinaigi Nito ang kalagayan mo kumpara dun sa nung nasa natural na buhay ka.

<sup>33</sup> Kapag ang dahon ay tumatanda't namamatay, kapag ito'y nanunumbalik taglay-taglay ang buhay uli sa pagkabuhay na mag-uli, upang magpatotoo sa panibagong taon, bumabalik nga ito nang nasa mas maiging kalagayan kaysa nung nalagas ito. Kita n'yo, ang lahat ay nagpapatotoo sa mga bagay na ito.

<sup>34</sup> Ngayon kunin naman natin, bilang halimbawa, ang mga tagumpay na nagawa ng tao sa mundo. Sa lahat ng natural na tagumpay na ito ngayon. . . Hinihingi ko ang buong atensyon n'yo ngayon. Ang. . . Lahat ng natural na mga tagumpay na ito na nangyari sa lupa, ay paunang pagpapakilala ng espirituwal na mga tagumpay na ipinangyari ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang iglesya.

Lahat ng mga bagay sa natural ay tipo ng mga bagay sa espirituwal.

Ngayon sasabihin n'yo, "Paano 'yun?"

<sup>35</sup> Sige't kunin natin, unang halimbawa, itong transportasyon. Nung una, ang ginagamit na transportasyon ay kabayo. Nung sumunod, gumagamit na ng kotse. Pagkatapos gumawa ang siyensiya ng eroplano. At, pero, kita n'yo, 'yung. . . Nung una, isang horsepower pa lang. Ang kotse marahil ay dalawampung horsepower. Ang eroplano nama'y lumilipad gamit ang daan-daang horsepower. Nakikita n'yo ba? Nung una'y kabayo lang ang gamit-gamit dati, tapos ginawa ang kotse, pagkatapos ang sumunod ay 'yung eroplano na. Patuloy tayo sa pag-abot ng tagumpay, pataas nang pataas, pahasay nang pahasay. Ganito nga ang tagumpay ng siyensiya. Paunang ipinapakilala nito ang espirituwal na mga bagay na ipinangyari, ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, na nasa ipinangako Niyang Salita.

<sup>36</sup> Ang natural na tao, sa pamamagitan ng kanyang kaalaman, tumatanaw siya sa nakaraan para sa kanyang tagumpay; ganun

nga ang siyensiya, binabalikan ang mga bagay na ginawa ng Diyos doon sa Kanyang naunang paglikha. Pupunta nga sila't mangongolekta ng tingkal ng lupa, at kukuha ng mga piraso ng mga bato't fossil, at—at mga elemento, at pagtatagpiin ang mga 'yun. Kita n'yo, sa tagumpay nilang 'yun, kinukuha nila ang mga bagay na nilikha ng Diyos, at binabaluktot 'yun mula sa orihinal nilang kalagayan, at magtatayo siya gamit nun ng kanyang tirahan, at kung anu-ano pa, at uunlad nang kaunti ang kanyang buhay, sa pamamagitan nung ginawa niyang 'yun. Yun nga'y sa natural na tagumpay, na gawa ng tao.

<sup>37</sup> Subalit ang Diyos, sa espirituwal na tagumpay, lagi itong pasulong ang usad, hindi paatras. Siya'y pasulong, nakatuon sa Salita, at sinasampalatayanan ang mga pangako para sa mga bagay na hindi pa dumarating, nang sa gayon ihayag ng mga espirituwal na kapahayagan ang mga espirituwal na bagay na ipinangako ng Diyos. Siya'y nakatuon sa mga ito hanggang sila'y ipangyari. Gaya ng siyentipiko sa kanyang laboratoryo na gumagawa ng sari-saring bagay na makatutulong sa tao, sa pamamagitan ng pagkuha sa nilikha; ang espirituwal na tao nama'y nakatuon nang pasulong sa mga bagay na ipinangako ng Diyos, na di pa nalilikha. Ang natural na tao'y nakatingin pabalik. Ang espirituwal na tao'y nakatuon nang pasulong.

<sup>38</sup> Mangyari ngang, nakuha nila—nakuha nila 'yung ganyan sa iglesya. Ang natural na iglesyang miyembro ay tumatanaw pabalik sa mga nagawa nina Finney, Sankey, Knox, Calvin. Ayos lang naman 'yun, pero 'yun ay sa kapanahunan nila. Tayo nga'y nakatingin ngayon nang pasulong sa panibagong bagay, sa pangako na mas dakila't mas mataas na, at sa kung anong ipinangako ng Diyos. Ang siyensiya'y paatras, para magpulot-pulot. Tayo nama'y pasulong, sa Salita ng Diyos, upang makita ang tagumpay ng Diyos.

<sup>39</sup> Sa dalawang ito, ang isa'y paunang ipinapakilala ang isa pa, o tinitipo 'yun. Ngayon ang siyensiya sa pag-abot nito ng mas higit na horsepower, na nagawa nga niya sa pamamagitan ng pagkalap ng enerhiyang 'yun at paggawa ng mas malalakas na kagamitan, na mga kotse't mga eroplano; ang Diyos din sa gayunding paraan ay umabot din ng tagumpay, na nakatipo sa bawat isang antas dun. Ngayon masdan.

<sup>40</sup> Nung araw sa panahon ni Luther, ang kapangyarihan nila dun ay horsepower. At ang Diyos nga, sa paglagay kay Luther sa Kanyang mga kamay, pinangunahan siya, palabas ng isang malaking organisasyon, o sistema, Kanyang itinulot na makita nung taong 'yun na “ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.” At nung makamit nung taong 'yun ang pag-aaring ganap, at maipangaral 'yun, ang iglesya'y Nabuhay. Nabuhay Ito at nagsimulang kumilos nang kaunti, nung mga panahon ding 'yun ng mga horsepower, kung kailan papawala na ang paggamit ng puwersa ng kabayo, ng karwahe, at ng kalesang

hila ng kabayo. Ngayon, nakamit niya ang pag-aaring ganap, at, sa pamamagitan nun, ang iglesya'y nakatanggap ng Buhay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus Cristo. At di sa pagtanggap ng kung anu-anong. . .

Sasabihin n'yo, "Sumasampalataya naman ako sa iglesya. Sumasampalataya ako sa *ganito*."

<sup>41</sup> "Ang sampalatayanan Siya ay Buhay." Pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya! Ipinangaral 'yun noon ni Luther. Tipo 'yun ng panahon ng kalesang hila ng kabayo.

<sup>42</sup> Pagkatapos kumuha Siya ng isang lalaki sa Inglatera, na nagngangalang John Wesley, para ilagay sa ilalim ng Kanyang pamamahala, para maalís ang lahat ng ismo, palayo sa lalaking 'yun. At nagawa nga Niya sa pamamagitan ni John Wesley, na dalhin ang iglesya sa pagpapaging banal. Sa pamamagitan ng pagpapaging banal ay ang iglesya'y nakatayo sa mga paa nito't nagawang makalakad. Ngayon sa pagtatapos ng kapanahunan ni Wesley ay 'yung kotse, nalaman natin na noong. . . matapos po ang iglesya ni Wesley, 'yun po pala ang ibig kong sabihin. Hindi. . . Kita n'yo, bawat—bawat repormista'y dumarating sa pagtatapos ng kapanahunan. Ngayon nalaman natin na itong si Wesley, sa dulo ng kanyang kapanahunan ng iglesya, dumating 'yun bago naman ang mga Pentecostal. Haya't, nakita natin ang iglesya na may sapat na lakas, sa pamamagitan ng pagpapaging banal, na lumakad papalayo sa mga bagay ng sanlibutan. Ang ibig sabihin ng *Pagpapaging Banal* ay "maihiwalay para sa kapurihan ng Diyos." Ang nakakalungkot lang dito'y nawaglit ito ng iglesya. Pero haya't nagtamo ito ng sapat na lakas.

Binigyan ito ni Luther ng kislap, nung panahong 'yun ng kalesang hila ng kabayo.

<sup>43</sup> Nung kay Wesley na'y pinatayo na niya ito sa mga paa nito, para makapaglakad; pagpapaging banal, paglayo sa mga bagay ng sanlibutan. Mula dun ay umusbong itong maliliit na mga sanga, gaya ng Pilgrim Holiness, at mga Nazarene, at iba pa na nagpanimula dun, sa pamamagitan ng pagpapaging banal.

<sup>44</sup> Pero, tandaan n'yo, hindi sila puwedeng huminto lang dun. Umusad ang Haliging Apoy. At dumating sila sa Azusa Street, dito sa California. At pagkatapos ay ano nang ginawa Nito? Sinagisag Nito ang panahon ng eroplano, mula sa kotse, noong kanilang. . . Ang Diyos nga, sa pamamagitan nung mag-kuyang Wright, ay. . . o nung tao, na makagawa ng eroplanong nakaka lipad. Dali-dali, paunang pagpapakilala 'yun, ang pentecostes ay bumaba sa Azusa Street, at ang tao'y umabot sa papawirin, sa dako ng sobrenatural, sa dakong mahiwaga. Nakapagsalita siya ng iba't ibang wika, nakagawa siya ng mahiwagang mga bagay na kaiba sa iglesya, dahil umangat na siya sa lupa't, lumipad na siya (sa papawirin) papunta sa papawirin. Anong may gawa nun? Dali-dali nga pagkatapos na lumitaw ang mga

eroplano, pumailanlang ang tao. Ipinapakita riyan ng Diyos, sa pamamagitan ng eroplano, na papailanlang din ang Kanyang iglesya. Ipinapakita Niya sa pamamagitan ng natural na mga bagay, ang nangyayari sa espirituwal. Lagi 'yung sumusunod. Gaya nung mga lalaking pantas na sinundan nila ang Bituwin, para hanapin si Cristo, pagkatapos nilang sundan Lyon nang dalawang taon.

<sup>45</sup> Ngayon pansinin, lahat ng mga bagay na 'yan na tagumpay na naabot ng tao, mga tipo't larawan lamang ito ng ginagawa ng Diyos. Ganoon lagi ang pamamaraan Niya rito. Sinabi Niya sa atin na 'yung mga tanda na lilitaw sa langit, 'yun 'yung mga bagay na magaganap bago ang pagparito ni Cristo. Nakikita na natin 'yan ngayon. Palatandaan lang ang mga ito na nagtuturo ng direksyon. At nakikita natin ang siyensiya, kung hanggang saan na ang naabot nito, at maging hanggang saan ang naabot ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang iglesya.

<sup>46</sup> Ang tao ba'y sumasakay na ng eroplano? Di na nga niya gustong sumakay pa ng kalesang hila ng kabayo, maliban na lang marahil kung gusto niya ng kaunting katuwaan. Pero ang kalesang hila ng kabayo. . . Tandaan n'yo, ano 'yung puwersa na nandun sa eroplano? Mangyaring puwersa rin ng kabayo na mas marami't naidagdag dun, siyanga rin.

<sup>47</sup> At kaya naman nung si John Wesley nung matamo niya ang pagpapaging banal, isang gampaning pagtatabi mula sa pag-aaring ganap, hindi niya tinuligsa ang pag-aaring ganap, siya'y nagdagdag lamang ng mas maraming puwersa dun. Kita n'yo?

<sup>48</sup> At nung ang mga Pentecostal ay matamo nila ang bautismo ng Espiritu Santo, at pagpapanumbalik ng mga kaloob, di nila pinabulaanan ang pagpapaging banal o pag-aaring ganap, sila lamang ay nagkamit ng mas higit na puwersa at pumailanlang, at pumaitaas dahil nagtamo siya ng mas higit na puwersa. Kita n'yo?

<sup>49</sup> Ang lahat ng 'yun ay paunang paglalarawan, habang isa-isa silang nalalantad. Kung may oras pa sana tayo, puwede tayong magtagal diyan, pero wala na. Pero hayan nga't siya'y pumailanlang. Kung paanong ang siyensiya'y kinakamit ang mga bagay-bagay, sa pamamagitan ng pagtingin sa nakaraan; ang Diyos nama'y kumakamit, patungo sa gawing *ito*, pasulong sa Kaharian.

<sup>50</sup> Ngayon nakita nga natin, mula sa Azusa Street, lumipad ang mga eroplano sa naglalakihang mga rebaybal, at kumalat sa buong mundo, sa kahiwagaan, sa Makalangit na mga dako, nagsasalita ng iba't ibang wika, nagtataglay ng mahiwagang mga kaloob, sa tingin ng sanlibutan. Aba, ang tingin nga sa kanila'y panatiko, pero nagkaroon sila ng lakas. . . kumuha ang Diyos ng grupo ng mga tao sa Kanyang mga kamay. At kinuha ang munti't, duling na lalaking Negro, doon sa Azusa Street, na

walang anumang katalinuhan bagkus ang masampalatayanan lamang na Katotohanan ang sinabi ng Diyos. At tama nga 'yun.

<sup>51</sup> Kita n'yo, sa pagkakataong ang siyensya'y nagdadagdag nang nagdadagdag ng katalinuhan sa ulo ng tao, nagpapasok ng karunungan, ng kaalaman, para bumalik siya sa nakaraan at tuklasin ang mga bagay-bagay; ang Diyos nga'y tatanggalin ang anumang kinarga sa taong 'yun, palabas sa taong 'yun, para magamit Niya ang taong 'yun. Ang isa nga'y papunta sa gawing *ito*, at 'yung isa'y papunta naman sa gawing *iyon*. Ang isa'y papunta sa baba, at ang isa'y pataas.

<sup>52</sup> Ngayon, iniwan niya itong mga intelektuwal na mga iglesya sa lupa, nung ang Pentecostal ay pumailanlang sa papawirin sa pagsasalita ng iba't ibang wika at dakilang mga kaloob ng pagpapagaling. Pinagaling nila ang mga maysakit. Nakagawa sila ng dakilang mga bagay. Nakagawa sila ng ganun. Hindi mapasubaliang nagawa nga nila ito. Isa 'yung katunayan, na nagawa nga nila. Tunay ngang nagawa! At iniwan nila itong intelektuwal na iglesyang nanatili lang na nakalapag. Kahit pa, sinasabi ng mga 'yun, "Buweno, di n'yo magagawa." Kanila ngang ginawa, anupa't anuman. Anupaman 'yang inyong . . .

<sup>53</sup> Gaya ng isang binatang nakulong, dahil sa pamamaryl. May bumisita sa kanya minsan, sabi, may isang kabataang lalaki ang dumalaw sa kanya, sabi, "Oh, di ka nila puwedeng ikulong dahil dun!" Sabi niya, "Hindi nga ba?" Haya't nakakulong na nga siya.

<sup>54</sup> At ganyan na ganyan din sa tuwing sinasabi nila, na, "Ang Espiritu Santo ay para sa ibang nakaraang panahon." Yun ang iniisip nila! Haya't nandito na! Alam natin 'yan. Tayo'y, at—at haya't. . . Lumilipad na tayo sa himpapawid nang apatnapung taon na, limampung taon, taglay-taglay Ito, nakikita natin ang mga bagay na walang kamalay-malay ang mga intelektuwal na tao. Ang kaya lang nilang gawin ay maupo lang at manlibak, pagtawanan lang Ito.

<sup>55</sup> Gaya ng isang munting guyang baka, minsan, lumabas sa kulungan, sabi nila, at napakataba nito't mabilog. Pinapadyak-padyak nito ang paa nito. At napakabuti ng magsasakang mayari sa kanya na pinapakain siya nang husto, at kaya malusog na malusog siya't siksik sa bitamina. At may isang matanda't tamad na magsasaka dun na may munting guyang baka, rin, na ipinanganak sa kuwadra nung taglamig na 'yun, panahon na walang makain 'yung kawawang guyang 'yun kundi masamang damo lang. At nung lumabas na 'yung guyang 'yun, grabeng tamlay niya't hindi siya halos makakilos, at, sa tuwing, umiihip ang hangin ay natatangay siya sa gilid. Nakita nito 'yung isa pang matabang guya na papadyak-padyak ng paa, at tuwang-tuwa't nagsasaya. Alam n'yo, sumilip 'yung bakang 'yun sa may siwang sa bakod, at ang sabi, "G-g-grabeng pagkapanatiko!"

Punung-puno kasi 'yung guya ng bitamina, kaya naman di na nakapagtata kang naipapadyak niya nang husto ang mga paa niya.

<sup>56</sup> At kapag ang isang tao'y punung-puno ng Espiritu Santo, may kung anong bagay sa kanya, na punung-puno nga siya ng espirituwal na Bitamina ng Diyos, kaya nagagawa niyang papurihan ang Diyos, makasigaw, at makakilos nang kaiba. Dahil bakit? Hindi na kasi siya tali sa lupa. Nasa Kalangitan na siya, pumapailanlang, sa Sangkalangitang mga dako kay Cristo Jesus.

<sup>57</sup> Iniwan niya sila na mga tali sa lupa sa mga bisikleta nila't mga kotse, pumailanlang sila sa papawirin. Siyanga, po. Sadya ngang hinango sila palabas sa dakong 'yun, sa pagiging wala na sa panahon. Nagpagaling sila ng mga maysakit. Nagsalita sila ng iba't ibang wika, at gumawa ng maraming bagay.

<sup>58</sup> Pero ngayon, mga kaibigan, hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. Sumapit na ang panahon ng mga astronaut. Umusad na tayo mula sa panahon ng mga eroplano. Nagtataglay na tayo ngayon ng mas higit na puwersa. Pumasok na ang panahon ng mga astronaut. Ano 'yun? Hindi isang . . . Pumasok na tayo sa isang espirituwal na panahon ng mga astronaut, kita n'yo, higit nang mas mataas. Hindi ito . . . Siya pa ring Espiritu ito, mas humigit lang ang kapangyarihan, mas tumaas lang, mas tumaas ang dakong napupuntahan, mas higit ang nakikita, mas higit ang pananampalataya, mas higit na katulad ni Cristo. Di ito kaya ng kotse, ni ng kalesang hila ng kabayo, ni ng eroplano man, bagkus, ng astronaut, pumapailanlang siya't higit na mas mataas kaysa sa bawat isang 'yun.

<sup>59</sup> Tinatawag itong panahon ng agila, sa Biblia. Ang tawag ng Diyos sa Kanyang mga propeta . . . panahon ng Agila! Nalaman natin, dun sa Biblia, natuklasan natin dun, sa Malakias 4, na ipinangako 'yan sa huling mga araw. Ngayon, inihahalintulad Niya ang Kanyang mga propeta sa mga agila. Tinawag Niya maging ang Sarili Niya na agila. Siya ang dakilang agilang Jehovah.

<sup>60</sup> Siya nga'y kumuha, para sa Kanyang Sarili, ng Nobya. Yan nga'y gagawin Niya, sa huling mga araw, kukuha ng Nobya, na magkakaroon ng pagmi-ministryong saktong-saktong katulad, ng . . . gaya ng isang lalaki't kanyang asawang babae na naging isa sila. At kapag nagawa na ni Jehovah na ang Kanyang bayan ay maging katulad Niya, Siya nga'y mananahan sa Kanyang bayan na ito. Sila'y isa.

<sup>61</sup> Tinutupad n'yan ang Kasulatan, saktong-sakto sa sinabi Niya sa San Juan 14:12, "Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa." Tinutupad din nito ang sinabi ni Jesus na magaganap, "Kung

paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, gayon din naman ito sa pagparito ng Anak ng tao.”

<sup>62</sup> Ngayon ay panahon na ng astronaut. At nakikita ng isang astronaut ang mga bagay na ang isang nasa kabayo, nasa kotse, o nasa eroplano, nakikita ang kanila ring, nakikita. Siya kasi’y pumapaitaas nang mas mataas. Ang eroplano’y narito pa rin sa ibaba paalog-alog sa mga ulap, at umuusok-usok, at tinatamataman, at lahat na. Pero ang astronaut ay pumapailanlang lampas sa mga ulap ng mga kredo’t denominasyon, patuloy na pumapaitaas sa Kalangitan, palayo sa lahat ng bagay.

<sup>63</sup> Ang panahon ng astronaut, nabubuhay na tayo sa panahon ng astronaut. Kung paanong tiyak na tiyak na nagpapatotoo ang Diyos sa pamamagitan ng natural na mga kaganapan, Siya rin ay nagpapatotoo ngayon tungkol dito, na kung nakaabot na tayo sa pagiging astronaut, naabot na ng Diyos ang ipinangako Niya na maaabot sa huling mga araw, ayon sa Malakias 4. Ang gagawin nga lang Niya’y kumuha ng isang tao sa Kanyang mga kamay, na kayang kumalas sa mga eroplano’t mga kotse, at ano pa. Hindi’yung titingin pabalik sa kung ano’yung nakaraan, bagkus magtataglay ng mas higit na lakas para tumaas pa siya nang tumaas, tumaas siya papunta dun sa Presensya ng Diyos, tumaas siya sa dako kung saan ang lahat ng mga bagay ay naipangyayari. Ngayon nakikita na nating nangyayari na ito. Walang duda.

<sup>64</sup> Kaya ganun din ito sa espirituwal na astronaut, katulad ng natural na astronaut na pumapaitaas lampas sa mga eroplano; laging sumasadsad ang eroplano, at nagagambala sa mga ulap, at lahat na. Wala na ngang mas hihigit pa, wala nang higit na tagumpay, kundi ang astronaut. Ang dapat lang niyang gawin ay magdagdag ng lalong higit na puwersa, makakapunta siya saan man niya ibigin, kita n’yo, dahil nakarating na siya mismo sa kalawakan. Ang mga eroplano’y nasa bandang mababa pa rin, sumasadsad, nagagambala, lumalapag sa lupa, at lahat na. Pero ang astronaut ay di niya kinakailangang lumapag sa lupa. Pumapaitaas siya lampas sa mga ulap. Pumapaitaas siya’t lumalampas talaga, lampas sa kredo, lampas sa denominasyon, lampas sa mga nagsasabing, “Di Ito ganun, di Ito ganun!” May patnubay siya, ang Espiritu Santo. Sasabihin sa kanya ng Salita kung saan ba, at uusad siya dun!

<sup>65</sup> Paano gumagawa ng astronaut ang siyensiya? Kukuha siya ng puwersa na mayroon na sila, at may gagawin silang ganito’t ganoon dun, para mas malayo ang marating nun, gumana kahit walang hangin, at kung anu-ano pa. Patuloy niyang . . . Hindi ko alam’yung mga—mga kemikal na nandun; di ako mekaniko. Pero kung anuman’yun, patuloy nga niyang pinatataas nang pinatataas ang nararating nun. Patuloy niyang pinahuhusay’yun sa lahat ng pagkakataon, hanggang sa kaya na niyang lampasan ang abot ng pag-iisip. Ganoon din ang astronaut ng



Diyos, umaabot lampas sa lahat ng kredo ng iglesya, lahat ng hangganan, lahat ng nagsasabing, “Lipas na ang araw ng mga himala; wala nang ganyang bagay.”

<sup>66</sup> Papaano humantong sa pagkaalam ng bagay na 'yun ang astronaut? Nalaman niya 'yun mula sa papel. Nanggaling 'yun sa papel, 'yung bagay na nalaman niya. Ganoon din 'yun, na ang isang tao'y mauupo siya't magbabasa ng Salita ng Diyos at makikita niya kung ano ang ipinangako. “Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, dahil iniisip ninyo na sa mga Yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan,” sabi ni Jesus, “at ang mga Ito'y nagpapatotoo patungkol sa Akin.” Yung mga taong 'yun noon na palibhasa'y tali sa lupa di nila alam kung ano Siya.

<sup>67</sup> Pagmi-ministeryo, 'yun ang may gawa nun, nakikita ng astronaut ang mga bagay-bagay, na lampas sa panahon ng mga eroplano't lahat na. Ganun din ito sa espirituwal na astronaut, pumapaitaas siya lampas sa mga ulap at lampas sa mga kredo, at lampas sa pag-aalinlangan, patungo sa kalawakan sa labas; kalawakan sa labas, ng lahat ng di-pananampalataya, kalawakan sa labas na di na niya naririnig pa 'yung bulung-bulungan na nagsasabing, “Buweno, di n'yo 'yan kayang gawin. Walang tutulong, makikipagtulungan sa inyo. Di n'yo kaya 'yung *ganito*. Di n'yo kaya 'yung *ganoon*.” Hindi na niya pansin 'yun. Isa siyang astronaut. Pumapaitaas siya lampas sa mga ulap na 'yun. “Masyadong malakas ang bagyo. Di natin ito kaya.” Di na 'yan pinoproblema ng astronaut; mas mataas siya sa bagyo. Kita n'yo, ganoon din ito ngayon sa mga tunay na astronaut ng pananampalataya. May magsasabi, “Buweno, sabi kasi ng doktor *ganito-at-ganoon*.” Marahil tama naman 'yun, pero di dun naniniwala ang astronaut.

<sup>68</sup> Kapag nasusulat Ito Rito, nasa kanyang puso na Ito. May Bagay na magsasabi lang sa kanya, tapos papailanlang na siya palabas. Ganun lang 'yun. Papailanlang palabas sa kalawakan, dahil tayo'y nabubuhay na sa panahon ng astronaut, siyanga, po, palabas sa kalawakan, “kung saan ang lahat ng mga bagay ay maipangyayari.” May patnubay siya, na itong Salita nga Niya, na nagsasabi sa kanya kung paano uusad, ang Salita ng Diyos.

<sup>69</sup> Ang natural na astronaut ay . . . may bagay na kumukontrol sa kanya. Kapag ang astronaut ay nandun sa himpapawid, may bagay siya rito sa ibaba, sa ibaba dito sa lupa, na kumukontrol sa kanya. Ang tawag dun ay radar. Yung radar na 'yun ang nagpapagalaw sa kanya, nagpapakita kung saan ang lokasyon niya, nagsasabi kung anong gagawin niya. At kinukontrol siya nung radar na 'yun mula sa isang tore ng radar, dito sa lupa. Ganun 'yun sa natural na astronaut.

<sup>70</sup> Mangyaring ang espirituwal na astronaut ay mayroon ding kumukontrol na Puwersa, may kumukontrol na tore, din. Wala 'yun *dito* sa ibaba, na parang ganun sa tao. Nandun 'yun sa

Itaas. At ang Espiritu Santo ito na nasa kanya, na kumukontrol sa kanya, isang tore ng bautismo ng Espiritu Santo. Ito ang kumukontrol, naglalagay sa kanya sa ilalim ng pamamahala ng Salita; hindi sa kung anu-anong pagkapanatiko lamang, o kung anu-anong imbentong walang kabuluhan; bagkus sa, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at 'yun ang nangyayari. Lagi siyang nasa ilalim ng kontrol. May kumukontrol na tore siya, at ito ang Espiritu Santo. At ang Salita ang Kanyang—Kanyang programa, at lumalagak siya sa mismong programang 'yun. At ang kapangyarihan ng Espiritu Santo'y inilalagay sa kanya upang umusad siya palabas, at nagdadala ito ng tagumpay na ninanais ng Diyos na matamo para sa Kanyang bayan, nang sa gayon matupad ang Kanyang ipinangako.

<sup>71</sup> Hindi nagpagaling si Jesus ng mga tao dahil sa kailangan Niyang gawin 'yun. Tinugon Niya 'yun, tinupad ang Kasulatan. Nagpagaling Siya dahil 'yun ang nasusulat na gagawin Niya. Di naman Niya kailangang magpakita ng mga tanda ngayon, di naman Niya kailangang magkaroon ng *ganito-at-ganoon* na pagmi-ministryo, subalit ipinangako Niyang gagawin Niya 'yun. Ginagawa Niya 'yun upang tuparin ang pangako Niya.

<sup>72</sup> Kapatid na lalaki, kapatid na babae, kalalakihan, mga kababaihan, hindi n'yo ba nakikita? Hindi n'yo ba nakikita ang pagtitipo ng espirituwal at ng natural?

<sup>73</sup> Ang dakilang mga tagumpay na ito ay nagbunsod sa orasan ng siyensiya, at nagpahantong sa isang dako na ang sinasabi nila'y papatapos na ngayon. . . Sa orasan ng siyensiya, sinasabi nilang tatlong minuto na lang bago maghating-gabi. Nandun na sila sa kawakasan. Natuklasan nila ang bagay na sisira sa kanila. Natuklasan na nila ang lahat. Maaaring pumunta ang isang astronaut sa papawirin at magpunta dun, may puwersa-atomikang dala-dala, at poposisyon dun sa itaas at magsasabi, "Sumuko na kayo o pasasabugin ko kayo." Tatlong minuto na lang bago maghating-gabi! Ginamit nila sa kanilang paglikha ang nilikha ng Diyos. Binaluktot nila. Imbis na pagsikapang gumawa ng buhay, mas sinisikap nilang tumuklas ng bagay na papatay sa ibang tao, bagay na tatalo sa karatig na kagamitan, gagapi sa karatig na bansa, tatalo sa karatig na dako. Yun ang pinagsusumikapan nilang gawin.

<sup>74</sup> Pero may mga taong pasulong ang tingin, itinuturing ang ibang tao na kanyang kapatid, at sinisikap na dalhin siya sa isang Tahanan na di na siya kailan pa mamamatay. Ang isa nga'y sa kamatayan, at ang isa nama'y sa Buhay. Pero sa lahat ng ito, sa kamatayan, ipinapahiwatig lamang na may Buhay. Ang dahon nga, kapag malalaglag ito sa puno at mamamatay, ang ibig sabihin lang nito'y manunumbalik 'yun sa dati, dahil minsang nandun 'yun dati.

<sup>75</sup> Ang tik-tak ng orasan, pagkatapos ng natamong tagumpay ng siyensiya sa panahon ngayon, ay tatlong minuto na lang bago maghating-gabi. Sa dakilang orasan ng Diyos, ang tik-tak ay, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Nakarating na tayo! “Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Habang ang sinasabi ng orasan ng siyensiya’y tatlong minuto na lang bago ang pagkawasak; ang sinasabi naman ng orasan ng Diyos ay, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Siya’y nasa lupa na, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, upang ipangyari na ang Kanyang Salita’y mabuhay at kumilos para sa Kanyang iglesya nang saktong-sakto sa pagkakapangako Niyang gagawin Nito, pinupuno ang Kanyang mga astronaut, sinisiguradong punung-puno sila ng puwersa’t handang-handa na.

<sup>76</sup> Kaya naman heto’t pumasok na ang mga taong ito sa napakalaki nilang gawang-siyentipikong tube, di pa katagalan, astronaut tube, at bumibilang na ngayon hanggang umabot sa takdang oras, papunta sa buwan. Sila’y papailanlang din mula rito, siyanga. May astronaut na silang ipinasok sa malaking tube, na pinagagana ng puwersa-atomika, na magagawa raw nilang paliparin ’yun direktso sa buwan, sabi nila. Nakapasok na sila sa kanilang tube at naghihintay na lang hanggang sa handa na pagkatapos ng bilang.

<sup>77</sup> Ang espirituwal na astronaut nama’y nakapasok na kay Cristo at nakikinig na sa paghahandang pagbibilang ng Salita. Amen. Ngayon kayong mga Lutheran diba’t sana’y sumisigaw na ngayon, at kayong mga Baptist at Presbyterian. Bantayan n’yo ang paghahandang pagbibilang, ng Salita. Oh, grabe! Paghahandang pagbibilang, ng Salita! At sila’y papunta na sa Langit, hindi sa buwan. Lalampanan nila ang buwan na sa sobrang bilis nila’y di man lang nila ’yun mapapansin. Oh, grabe! Naghihintay na sa paghahandang pagbibilang! Siyanga, po. Hininintay na matapos na ang pagbibilang.

<sup>78</sup> Ano ’yung ginagawa nila? Sila’y nababalot kay Cristo, sa biyaya sa pag-agaw. Hindi nila ’yun ginawa, sa ganang kanila. Kinuha ni Cristo ang mga walang edukasyon, mga mangmang na bagay sa sanlibutan, ibinalot ang Kanyang mga astronaut sa ganun, at binigyan sila ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na makalipad. Itong sanlibuta’y maiiwan mag-isa. Siyanga, lilipad na!

<sup>79</sup> Pansinin n’yo, ang natural na tao’y paatras pa nga kung magbilang. Nabanggit ko kanina na ang paggawa niya ng mga bagay-bagay ay ’yung babaling siya pabalik. Pabalik siya kung magbilang. Pansinin n’yo ’yung bilang niya, “Sampu, siyam, walo, pito, anim, lima, apat, tatlo, dalawa, isa, zero!” Kita n’yo, babaling siya pabalik, at dun mag-uumpisang

bumilang. Kita n'yo? Kanya ngang. . . Ang bilang na sampu ay di magandang bilang. Tama. Yung magsimula sa sampu, di 'yun magandang bilang.

<sup>80</sup> May sampung angkan sila ng Israel, at lahat sila'y karnal. At kaya naman kinuha niya ang dalawang anak na lalaki ni Joseph, sina Ephraim at Manases, mga anak nung propeta, at binasbasan sila. At, nung babasbasan na niya, pinagkrus niya ang kanyang mga kamay. At sabi niya, "Ama, hindi po ganyan, ipinatong mo ang iyong kamay kay Ephraim, ang dapat sana'y kay Manases."

<sup>81</sup> Sabi niya, "Pinagkrus ng Diyos ang aking mga kamay." Mula sa. . . Kinuha mula sa nakatatandang anak, ang kautusan, at ipinatong kay Cristo. At sa pamamagitan nun, dumating, sa pamamagitan ng pagkukrus ay dumating yaong pagpapalit ng pagkapanganay, amen, inilipat dun sa nakababatang anak. Oh, grabe! Napaka ganda! Kung may oras sana tayo para talakayin 'yan; pero siguro'y sa susunod na lang. Buweno.

<sup>82</sup> Ngayon, ang bilang na sampu'y di magandang bilang. Pero sa tuwing bibilang nang paatras ang tao, nag-uumpisa siya sa bilang na sampu. "Sampu, siyam, walo, pito, anim, lima, apat, tatlo, dalawa, isa, zero."

<sup>83</sup> Ano naman ang ginagawa ng Diyos? Nag-uumpisa Siya sa Kanyang bilang, sa bilang na pito. Yun ang numero ng Diyos. Masdan n'yo Siya, bilang na pito. Oh, bumibilang Siya nang pasulong, nag-uumpisa siya sa bilang na isa. Nagsimula Siya sa Kanyang unang kapanahunan ng iglesya. Yun 'yung mga tanda Niya dito sa lupa. May pitong kapanahunan ng iglesya. Nilikha Niya ang mundo nang pitong araw; nung ikapitong araw ay dun Siya nagpahinga. Yun ang huling bilang Niya sa Kanyang paglikha. Nagpahinga Siya.

<sup>84</sup> Pansinin, bumilang Siya nang pasulong, hindi paatras. Pasulong ang usad Niya. Sinimulan Niya sa Kanyang unang kapanahunan ng iglesya, na nagsimula ng A.D. 33, at nagsimula na Siyang bumilang. Bumilang Siya sa Kanyang kapanahunan ng iglesya. Yun ang kapanganakan ng Iglesya, dun sa Araw ng Pentecostes. Ang ano nga'y. . . Sinimulan Niyang bilangin. Sinimulan Niyang bilangin ang kapanahunan ng iglesya. "Ang una, ay Efeso, bilang isa; bilang dalawa, Smirna; bilang tatlo, Pergamo; bilang apat, Tiatira; bilang lima, Sardis; bilang anim, Filadelfia; bilang pito, Laodicea." Mas huli na kaysa sa inaakala n'yo. Mas huli na nga kaysa sa inaakala n'yo. Tapos na ang pagbibilang. Ang susunod na'y "zero," lumipad na tayo. Nakahanda na ang lahat. Tapos na ang pagbibilang.

<sup>85</sup> Nung si John Glenn, na ating astronaut, nung pumasok siya dun sa loob ng malaking tube, para lumipad na, nanahimik ang buong bansa. Di nila malaman ang gagawin, nung umagang 'yun nung lumipad na siya. Nung sumampa na siya, pumasok dun sa loob ng tube, at ang lahat nga'y nagsisi-iyakan noon,

at naghihintay, at nag-aantabay sa kung ano nang mangyayari. Ang buong bansa'y natigilan. Nakita n'yo 'yung. . . Nakabukas ang lahat ng telebisyon, at lahat na, para mapanood ng lahat. Di man aktuwal na nakita 'yun ng natural na mata, dahil nga inilagay lang nila 'yun sa telebisyon. Pero naalala n'yo.

<sup>86</sup> Pagkatapos nung mailagay na siya dun sa loob ng tube, at nung makapasok na siya, bumilang sila, "Sampu, siyam, walo, pito, anim, lima, apat, tatlo, dalawa, isa, zero," lumipad na siya. Anong nangyari? Nung hilahin na 'yung malaking lever pababa, nagingas 'yung atomika, nagsimulang maglabas ng puwersa, nagbuga ng apoy, pumalibot ang usok, at umangat na 'yung malaking tube na 'yun sa ere, papunta sa dakong di pa nalalaman, papunta sa malayong ibayo kung saan. Lumipad siya sa pamamagitan ng tagumpay ng tao, sa pinakamalaking tagumpay na naabot ng tao. Pero hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo, napakaliit na bagay lang nun.

<sup>87</sup> Isa sa mga umagang ito, ang tagumpay naman ng Diyos, para sa Kanyang mga astronaut na sumampa na't nakapasok na kay Jesus Cristo, ipinanganak dun ng Espiritu Santo, puspos at puno ng Kanyang kapangyarihan! Isa sa mga umagang ito, ang buong sansinukob ay magsisihiyawan, at magsisitangis at may pagngangalit sila ng mga ngipin, kapag nakita na nilang napalampas nila ito. Kapag ang dakilang Agila, na may lakas ng Espiritu Santo at Apoy, ay maghuhudyat nang iunat ang Kanyang mga pakpak, ang mga astronaut ay papailanlang na sa himpapawid, upang katagpuin ang Nobyo; kapag umangat na ang Nobya, sa mala-astronaut na puwersa ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat na Siyang nagsugo kay Jesus Cristo sa lupa, sa anyo ng Espiritu Santo, na nagdala sa Iglesya sa katagumpayang ito!

<sup>88</sup> Hanggang sa, ngayon ay natatamo na ng Nobya sa kanyang sarili ang Kapangyarihan ng muling pagkabuhay, para maka lipad nang lampas sa mga bagay ng sanlibutan, nakikita ang Nobyo dito mismo sa Iglesya, na inihahayag ang Sarili na siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siyanga, po. Ang paghahandang pagbibilang ay tapos na. Bawat kapanahunan ng iglesya'y tapos na. Nasa pagtatapos na tayo ng Laodicea.

<sup>89</sup> Pumasok na kayo, kapatid kong lalaki, kapatid na babae. Siguraduhing hiyang ka sa siniksik na puwersa sa loob. Di ka masasaktan kung papasok ka't magiging hiyang ka sa puwersa sa loob. Pumasok na kayo kay Cristo, at di mo na iintindihin pa anuman ang sabihin ng mundo. Di na nila kayo kayang salingin pa, anupa't anuman. Ligtas ka na. Nakalagak ka na sa loob.

<sup>90</sup> Si Jesus Cristo ang ating dakila't, maluwalhating Astronaut tube na ating paglalagakan, na paaangatin ng Espiritu Santo at kapangyarihan at Apoy, kapag hudyat nang lumipad siya isa sa mga umagang ito. Tatama ang Apoy ng Espiritu Santo sa lupa

nang paganoon, at, kapag nangyari na, iaangat na ang Iglesia. At ang bawat bansa'y mapapatayo, di na nila kakailanganin ng telebisyon, makikita nila Siya mismo. Bawat tuhod ay luluhod at bawat dila'y magsasabi, habang pumapailanlang Siya Mismo sa kabilang ibayo ng kalawakan, tungo sa maluwalhating mga dako ng—ng Langit, para ikasal sa Kanyang Nobyo. Tulungan nawa tayo ng Diyos na mabuhay para sa araw na 'yun!

Iyuko natin ang ating mga ulo.

<sup>91</sup> Ikaw ba ngayon ay nagpapaandar pa rin ng kalesang hila-hila ng kabayo, ikaw ba'y nakasakay pa rin sa isang bisikleta, ikaw ba'y . . . sa isang kotse, o ikaw ba'y nakaabot na sa itaas sa mga ulap sa isang eroplano? Kung ikaw nga, may sasabihin ako sa iyo. May panahon na ng astronaut na umiiral na ngayon. Bakit hindi mo subukang pumasok na ngayon sa Astronaut? Oh, alam kong sa pakinig ay nakakatakot. Yung pinaka unang taong nakasakay ng eroplano, para bang mamamatay siya sa takot; 'yung pinaka unang sumakay ng kotse, alam n'yo 'yung pakiramdam nun sa kanya; pero ngayon pangkaraniwan na lamang ito. Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Nandito na si Jesus Cristo, ang dakilang Astronaut tube na dapat nating paglagakan. Ang mga ulap na tumatakip sa atin, wala na 'yan sa atin; hahawiin Niya ang bawat ulap ng pag-aalinlangan, bawat senyales man ng di-pananampalataya, at papailanlang na tayo sa malayong ibayo sa kalawakan.

<sup>92</sup> Kung hindi pa kayo nakakalagak sa Kanya, hayan nga, may pagkakataon kayo sa hapon na ito. Maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay, at sabihin, "Idalangin mo ako, Kapatid na Branham, nang sa gayon makausad ako sa dakong 'yun kung saan nakikita ko na ang bawat Salita na ipinangako ng Diyos, nakikita ko na't nararamdaman ang—ang pumipintig na Kapangyarihan ng Diyos na narito sa loob ko, na batid ko nang ang aking . . . itong sanlibutang ito at mga bagay-bagay nito'y wala na sa akin"? Pagpalain kayo ng Diyos. Masdan n'yo ang mga kamay. Grabe, oh, grabe! Nakataas, sa lahat ng dako.

<sup>93</sup> Makalangit naming Ama, nakikita Mo po ang mga kamay. Ang gampanin ko lang ay ipangaral ang Salita. Sa Iyo, sila'y sa Iyo. Ibinibigay ko sila sa Iyo. Sila'y sa Iyo. Iyong itulot na ang Espiritu Santo ngayon . . .

<sup>94</sup> At nawa'y makita nila, ang mga tagumpay na ito. Marahil nakikita nila ito sa natural; pero kung babalikan namin 'yun, makikita namin ito sa espirituwal. Nandito Ka nga, Panginoon. Ipinangako Mo, na bago lamang dumating ang kawakasan ng panahon, magiging katulad nga ito sa mga araw ng Sodoma at Gomora. At nagbabalik-tanaw kami dun at nakikita namin ang panahong 'yun, nakikita namin ang dalawang ministro roon, katangi-tangi, mga anghel, pinahirang lalaki, sumadya sa Sodoma't nangaral sa panahon na 'yun ni Abraham, tinatawag

palabas si Lot. Tapos may Isa na nagpaiwan dun kay Abraham, at 'yun 'yung Isa na Siyang gumawa ng tanda kay Abraham. Yung iba, ay dun sa Sodoma, gumawa ng kanilang tanda.

<sup>95</sup> At, Ama, napakaraming bagay ang maaaring sabihin dito ngayon, na marahil hindi maiintindihan ng iglesya. Subalit idinadalangin ko na Iyong pagkalooban sila ng paghahangad Dito, Panginoon, na magbubunsod sa kanila na lumapit na't makita na nasa kawakasan na talaga ng panahon, panahon ng astronaut. Dalangin ko, Ama, na mapagtanto nila na hindi ito pagtapak sa mga bagay na mayroon na sila, bagkus karagdagan pa ito ng mas higit, na biyaya para sa pag-agaw, dahil darating ang oras na kakailanganin namin ang Kapangyarihang 'yun na magdadala sa amin sa pag-agaw; hindi lang 'yung mapagaling ang aming katawan, bagkus ay 'yung mabago ito sa isang iglap, sa isang kisap-mata. Si Cristo'y magiging ganap na realidad sa kanilang mga katawan na Kanyang babaguhin ito, sa pamamagitan ng Kanyang dakilang kamatayan at Kanyang pagbabayad. Nawa po'y kunin na nila ito, ngayon, ang Tanda na 'yun na akin pong ipinangusap kagabi, dalhin nawa nila Ito sa kanilang harapan at makausad nawa sila sa Astronaut na ito (ipagkaloob Mo po ito, Ama), kung saan ang mga pangitain, mga kapangyarihan, at mga dakong ibayo, ay mahayag, at, Oh Diyos, maging ang lahat ng dakilang mga hiwaga ng Diyos ay mabuksan sa Pitong Tatak na iyon at mahayag sa tao. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

<sup>96</sup> Sila'y Iyo na ngayon. Batid ko po na nagtatawag kami ng pagdulog sa altar, subalit, Panginoon, ang sabi Mo, "Ang lahat na nagsisisampalataya." Dalangin ko na Iyo pong bigyan sila ng pananampalataya, para makasampalataya. Nasa Iyo nang mga kamay sila, Panginoon. At kung di na kami magkita uli, at di na nila ako makita pang uli, hanggang sa magkita-kita kami sa ibayo Mo, makikilala namin ang isa't isa sa dakong 'yun gaya ng pagkakakilala namin sa isa't isa rito. Dalangin ko pong Iyo silang tutulungan. At nawa'y lahat kami'y mapasa Dakong 'yun, nang ligtas, dinala dun ng biyayang kamangha-mangha ng aming dakilang astronaut ng pananampalataya na taglay-taglay namin kay Jesus Cristo, kung saan kami'y nakapanahan na sa Kanya. Amen.

<sup>97</sup> Ngayon, sa ilang saglit lang, mananalangin na tayo para sa mga maysakit. Diyos, ipinangako namin na gagawin namin ito. Hinahangad naming gawin ito. At ngayon may gusto lang po akong sabihin dito, na sa buong sanlinggong ito. . . Ngayon nasa labinlima, dalawampung minuto na tayo, ngayon. Pinutol ko na nang kaunti, kaya may labinlima, dalawampung minuto pa tayo, para gawin natin ito.

<sup>98</sup> Ngayon, pinaka importante sa lahat, ang mga bagay na ito na ating ipinangungusap, ang mga ito ba'y totoo, o hindi? Alam natin na ipinangako ito ng Biblia, pero nandito na ba Siyang

talaga? Nandito na talaga ang Diyos para gawin sa atin. . . ang Kanyang ipinangako na Kanyang gagawin. Nandito na nga ang Diyos. Kita n'yo, nilampasan na natin ngayon ang pagsasalita ng iba't ibang wika. Iyon—iyon nga'y napaka inam, kita n'yo. Nilampasan na natin ang maliliit na bagay na ito. At, kita n'yo, nandito na tayo ngayon sa dako na ang kinakailangan na nating taglayin ay 'yung pang-astronaut na pananampalataya, pang-astronaut na kapangyarihan para mapagtanto natin na nandito na tayo kay Cristo, mga karagdagan pa ni Cristo, kita n'yo, para iangat tayo sa Makalangit na dako.

<sup>99</sup> Ang lumang paraan ng pananalangin, na pagpapatong ng mga kamay sa maysakit, mainam 'yan. Panahon 'yan ni Luther, kaibigan, doon sa mga kotse, o parang ganun. Nilampasan na natin 'yan ngayon.

<sup>100</sup> Naaalala n'yo, dumating noon si Jesus sa mga Judio, dun sa lumang panahong 'yun, sabi ni Jairo, sabi ni Jairo, “Pumaroon Ka at ipatong ang Iyong mga kamay sa aking anak na babae, at siya'y mabubuhay.” Pero 'yung Romano ang sabi, “Hindi ako karapat-dapat na Ikaw ay pumaroon, salitain Mo lamang ang Salita.” Kita n'yo? Ang maki- . . . Nakilala ng lalaking 'yun ang kapangyarihan ni Cristo, na Siya'y may kapamahalaan sa lahat ng mga bagay.

<sup>101</sup> Ngayon, kung si Cristo ay may kapamahalaan sa lahat ng mga bagay, Kanyang—Kanyang tutuparin talaga ang Kanyang Salita. Siya'y Hari. Siya'y Diyos. Tutuparin Niya talaga ang Kanyang Salita, “Ang mga gawang Aking ginagawa, ay inyo rin namang gagawin.” Ngayon, pagdating sa pagpapagaling ng kung sinuman, walang kahit sino ang makakagawa nun, dahil tapos nang gawa ito. Tapos nang gawa ito. Ang kinakailangan na lang ay 'yung mapagkilala ito, kita n'yo, ang mapagkilala na narito na Siya sa ating harapan. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon tayo nga'y manalangin nang ilang minuto, sabihin, “Diyos, mahabag Ka po.”

<sup>102</sup> Makalangit na Ama, nang sa gayon ay malaman ng mga tao; marahil may mga narito ngayon na ngayon lang dumalo, nang sa gayon ay malaman nila na ang aking ipinapangusap dito'y totoo. Ako—ako'y nagsusumikap lang sa aking mahina't, mababang pamamaraan, Panginoon, sinisikap kong ilahad ang Ebanghelyo sa abot ng nalalaman ko kung paano. Panginoon, nawa'y di tingnan ng mga tao ang pagbabaybay ko ng aking mga pangungusap at makuha lamang ang gusto kong iparating. Dalangin ko na Iyo pong patotohanan ito at ipangyayari ito, para sa ikaluluwalhati ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>103</sup> Ngayon, mga kaibigan, marahil may dalawa o tatlong daan na prayer card ang narito ngayon. Magiging mahirap para sa akin na mapadulong lahat dito sa itaas, nang isa-isa. O, marahil



pagkatapos ng kahit apat o limang espirituwal na pagkilala, baka nakalupasay na ako n'yan sa sahig, marahil, siguro, o sa sobrang lupaypay ko'y di ko na 'yun mamalayan. Ang isang pangitain, kapag nakakakita ka ng pangitain, kinakailangan kasing ipaliwanag 'yun, hayan nga, alam n'yo. Madalas hindi aktuwal 'yung makikita dun, kaya kinakailangang . . .

<sup>104</sup> Ngayon gawin n'yo po ito, sa inyo, nakasalalay ito sa inyo mismong pananampalataya. Hinipo ng pananampalataya nung babae ang Panginoong Jesus, at nanampalataya 'yung babae na Siya ang—Siya ang Anak ng Diyos. At nagpalabas 'yun ng kapangyarihan mula sa Kanya, papunta sa babae, ipinangyari ang inaasam nung babae, at bumaling pa nga Siya at sinabi sa babae na ang karamdaman niya'y pinagaling na.

<sup>105</sup> Kita n'yo, "*Iniligtas* ka ng iyong pananampalataya." Ngayon may mga iskolar po tayo na nakaupo rito ngayon, alam ko. Yung ginamit na salita dun ay "sozo." "*Iniligtas* ka ng iyong salita." "*Iniligtas* ka ng iyong pananampalataya." Kung paanong inililigtas ka ng pananampalataya mo mula sa pagkakasala mo, inililigtas ka ng pananampalataya mo sa pisikal mong katawan, kita n'yo, mula sa karamdaman. Ngayon ang kinakailangan n'yo lang ay manampalataya.

<sup>106</sup> Ngayon hinihiling ko sa lahat na maging sadyang tahimik at sadyang mataimtim, sa susunod na ilang minuto. At nawa ang Espiritu Santo ngayon, kahit dalawa o tatlong tao lang dito sa mga nakikinig ang hinihiling ko, nang sa gayon makita n'yo na hindi ito basta-basta lang o anupaman. Narito ang Espiritu Santo upang ihayag ang Kanyang Sarili mismo.

<sup>107</sup> Ngayon kahit isa lang sa mga naritong nakikinig. Ngayon, wala po akong ibang kakilala, maliban sa kinaluluguran kong Kapatid na babaing Upshaw na nakaupo rito, na nakikita ko sa ngayon na naritong dumalo, na kakilala ko. Siya lang po ang nakikilala ko. At ngayon di ko po kayang . . .

<sup>108</sup> Kumbaga sa iyong kamalayan. Kita n'yo, sa pangalawang kamalayan ka nananaginip.

<sup>109</sup> Minsan dumaan ako sa pisikal na pagsusuri, mga dalawa, tatlong taon na ang nakakaraan, gamit 'yung time wave, brain wave, alam n'yo. At nung lumabas 'yung mga doktor ang sabi nila, "Aba, kakaiba kang tao."

Sabi ko, "Ano pong meron?"

<sup>110</sup> Sabi, "Alam mo?" Sabi, "Nakakapanaginip ka kahit gising na gising ka."

Sabi ko, "Ano po?"

Sabi, "Nakakapanaginip ka kahit gising na gising ka." Sabi ko . . .

<sup>111</sup> Sabi, "*Heto* ang pangunahing kamalayan mo," sabi, "kinukontrol ito ng pito mong, o anim mong pandama; paningin,

panlasa, pandama, pang-amoy, at pang-amoy. Aktibo ang pangunahin mong kamalayan hangga't nariyan ka sa anim mong pandama." Sabi, "*Heto* naman ang pangalawang kamalayan mo." Sabi, "Kung inaktibo naman ang mga ito, pumupunta ka dun sa pangalawang kamalayan mo. Kapag inaktibo ang mga ito, tulog ka nun, at pupunta ka rito at mananaginip ka ng panaginip, may bahagi sa iyo na pupunta dun. Pagkatapos kapag babalik ka na *rito*," sabi, "maaalala mo 'yung napanaginipan mo nung wala ka dun sa mga pandama mo ng pandama, panlasa, paningin, pang-amoy, at pandinig." Kita n'yo? At sabi, "Ganun 'yun sa karaniwan."

<sup>112</sup> Sabi, "Wala pa kaming nakikitang ganito noon. Haya't ang dalawa mong kamalayan ay kapwa narito na magkasama," sabi, "itong dalawang timing wave mo, mula sa pangalawang kamalayan at 'yung sa isa mo pang kamalayan. Wala pa silang naririnig na ganito, sa buong buhay ko." Sabi, "Ginoo, maaari kang makapanaginip ng panaginip, nang nakatayo at gising na gising."

Sabi ko, "Doktor, nakapakinig na ba kayo tungkol sa pangitain?"

Sabi niya, "Hindi pa, sa palagay ko'y hindi pa."

Sabi ko, "Isa ka bang mananampalataya?"

<sup>113</sup> Sabi niya, "Isa akong Presbyterian, Kapatid na Branham, pero," sabi, "hanggang ganun lang." Sabi, "May kongregasyon 'yung pastor sa pababa roon, tuwing Huwebes ng gabi," sabi, "ang naririnig ko lang dun lagi ay 'Presbyterian, Presbyterian, Presbyterian.'" Sabi, "Di ako masyadong nakakadalo."

Sabi ko, "Nakapagbasa ka na ba noon ng Biblia?"

Sabi niya, "Nakapagbabasa naman."

<sup>114</sup> "Narinig mo na ba 'yung tungkol dun sa mga sinaunang propeta, dun sa Lumang Tipan, na nakakarating sila sa ibang dimensyon at parang ganun?"

Sabi niya, "Yun ba ang tinutukoy mo?"

Sabi ko, "Yun nga." Tapos sabi ko . . .

<sup>115</sup> Sabi niya, "Buweno, kahanga-hanga 'yan kung ganun. Alam mo, Kapatid na Branham, siguro'y magandang ipatingin mo 'yan dun sa . . ."

<sup>116</sup> Sabi ko, "Nakausap na nila ako dun sa Mayo's, kita mo." Tapos sabi ko sa kanya. . . sabi ko, "Pero, heto, nakapanaginip ka na ba ng panaginip, doktor?"

Sabi niya, "Oh, oo naman."

<sup>117</sup> Sabi ko, "Sige ipanaginip mo ako ng isang panaginip, kung ganun. Matulog ka at ipanaginip mo ako ng panaginip, sabihin mo sa akin kung anong gagawin. Hindi mo 'yun magagawa. Pero kung sinuman ang kumukontrol sa iyo, magagawa niyang bigyan

ka ng panaginip, tungkol sa akin, at sa paggising mo'y masasabi mo 'yun sa akin."

<sup>118</sup> Maging ako'y di ko 'yun kaya, siyanga. Hindi ko puwedeng diktahan na ganito't ganoon, *ito*. Kinakailangan kasing Siya ang gagawa nun. At ang pananampalataya mo, sa Kanya, ang magpapatotoo sa Salitang ito. Kagaya nga, nung babaing 'yun, anupaman ang sabi-sabihin ng iba, nanampalataya pa rin siya na kung mahihipo lang niya ang Kanyang damit, mangyayari, at ipangyayari talaga'yun. Ngayon, Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ngayon 'yun lang naman ang kailangan.

<sup>119</sup> Kita n'yo, kapag makakakita kayo ng mga panggagaya, at kung anu-ano pa, kaibigan, para bang napipighati kayo sa ganun. Pero sumulong lang kayo, anupa't anumang. Magiging—magiging maayos ang lahat, kita n'yo. Ngayon, tingnan n'yo, kinakailangan n'yo ngang maipanganak dun. Maipanganak ka, at lahat ng natural na mga kaloob ay darating sa iyo. "Ang mga kaloob at ang pagtawag ay hindi mababago." Gaya nung isang lalaki. . . Gaya nga nung binabanggit ko kay Paul Cain, kanina, tungkol sa. . . Gaya nina Ernie Ford, at Red Foley, at Elvis Presley, itong mga kalalakahang ito na natatangi ang talento sa pagkanta, at kaso ginagamit naman sa sanlibutan. Nagkaloob ang Diyos ng mga talento para sa kanila, at tingnan n'yo ang ginagawa nila dun?

<sup>120</sup> Katulad nga ito nung kay Judas Iscariote na kumulibat ng tatlung pirasong pilak mula roon, sa Kanya na Siyang nagbigay nun sa kanya. Ang dapat sana'y ginagamit nila ito para sa Kaharian ng Diyos. At kung hahaluan mo kasi 'yun, sa palagay ko'y hindi sila karapat-dapat na payagang umawit ng himno; dahil para sa simbahan 'yun at sa kongregasyon 'yun, hindi para sa labas kung saan puro pagkukunwari lang. Sige't pumunta po kayo ng Timog Aprika, at sinasabi nila dun, "Aba, si Elvis Presley ay napaka relihiyosong tao talaga, umaawit-awit kasi siya ng mga himno." Oh! Wala 'yung kabuluhan. Para sa akin, isa lang siyang makabagong Judas. At maging ang lahat ng mga taong ginagamit ang mga kaloob ng Diyos at binabaluktot 'yun.

<sup>121</sup> Kahit mga ministro'y ginagamit nila 'yun at binabaluktot 'yun para maging kredo, imbis na Salita ng Diyos lamang, at ginagamit niya ang impluwensya niya para mang-impluwensya sa pamamagitan ng kredo at hindi ng Salita ng Diyos, isa 'yung pangalawang Judas. Hindi ko. . .

<sup>122</sup> Hindi ko dapat sinasabi 'yung ganung bagay. Kayo, kung nasaktan ko po kayo, patawarin n'yo ako. Hindi ko—hindi ko dapat sinasabi 'yung ganung mga bagay dito. Sige po.

Pero heto nga ang isang bagay, sasabihin ko sa inyo ang Kanyang sinasabi. Manalangin kayo.

123 Ngayon, Panginoon, isang Salita lamang na nagmumula sa Iyo ay higit ang kabuluhan kaysa sa lahat ng masasabi ko sa buong buhay ko. Ako'y sumasampalataya. Ipinangako Mo po ito. Ako'y Iyo. Itulot Mo na makita nila na ang Iyong Espiritu ay narito, nang sa gayon sa pagdulog nila rito sa pila para sa pananalangin, para maipanalangin, ay maunawaan nila, Panginoon. "Ang pananalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa maysakit." Dalangin ko na makita nilang hindi ito dahil sa Iyong lingkod. Ito'y Ikaw mismo. Hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

124 Maupo lamang kayo nang tahimik, pansumandali. Hindi ko ito kaya sa sarili ko. Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, ano 'yun?" Hindi ko kayang sabihin ito sa inyo. Magagawa ko lang 'yun kung ipapakita Niya sa akin.

125 Sabi ni Jesus, "Hindi Ko magagawa ang anuman hangga't ipakita sa Akin ng Ama, muna. Ang makita Kong gawin ng Ama, iyon din naman ang gagawin ng Anak."

126 Dito po, kung nakataas ang inyong mga ulo, tumingin po kayo rito. Tingnan n'yo, nakaupo rito sa dulo ng hanay na ito, ang isang munting binibini? Pinapahirapan siya ng sakit na pambabae, sakit na pambabae. Tama po ba, kabataang babae. Tama nga, inaagasan siya't lahat na. Tama po ba, itaas mo ang iyong kamay? Hindi kita nakikilala kahit kailan. Yung munting binibini dun, may Liwanag sa ibabaw ng kapatid na babaing 'yun, diyan sa dulo ng hanay rito. Yung munting binibini po, kabataang babae na ang buhok . . . Nakikita ko siyang nililinis. Kung makasasampalataya ka lamang sa oras na ito! Ngayon, sa kaunting sandaling 'yun ay alam mong may nangyari. Bigla na lang, may kung anong Bagay na pumasok sa iyo. Hindi po ba? Ang kagalingan mo 'yun. Kita mo, pinaginhawa nun ang lagay mo at inalis na 'yun. Iniligtas ka ng iyong pananampalataya.

127 Hindi ba't ganyan na ganyan ang ginawa noon ng ating Panginoon? Ang iyong . . . Yung babaing 'yun ay inaagasan ng dugo, 'yung babaing 'yun. Hinipo nung babae ang Kanyang damit, at lumigon. Naramdaman Niya. Tumingin Siya. Ang sabi Niya, "Inaagasan ka ng dugo," naramdaman nung babae na tumigil na 'yun. Ganyan na ganyan ngayon ang ginawa ni Jesus Cristo. Ano 'yun? Siya 'yun. Oh, alam kong—alam kong marami na kayong nakitang tulad nito't lahat, pero ako'y—ako'y obligado sa bagay na ito. Ang Diyos nama'y obligado sa Kanya mismong Salita.

128 Heto pa, para mapagkilala n'yo talaga. Nakaupo sa likod nung babae ang isang binibining nakaupo dun na may epilepsy, sinusumpung-sumpung siya ng epilepsy. Kung sasampalataya ka lamang, aalisin ng Diyos ang epilepsy na 'yan mula sa iyo, binibini. Gagawin Niyang talaga 'yun kung sasampalataya ka. Manampalataya ka. Huwag kang mag-alinlangan.

129 Nakikita n'yo na po ba ang ibig kong sabihin? Ngayon may isa rito sa bahaging *ito* rito, may isa sa gawi rito, nang sa gayon makita n'yo na talaga. Tingnan n'yo, kung ano ba talaga ito, na nasasaksihan n'yo. . .

130 Hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay sa inyo bago ako magpatuloy, para makapahinga ako nang kaunti.

131 Kita n'yo, talagang, talagang mauubos ang lakas mo dito. Mas maraming lakas ang nawawala sa akin sa ganito kumpara sa nangangaral ako. Tunay. Kita n'yo, kayo kasi ito na ginagamit ang kaloob ng Diyos. Kung ibibigay ng Diyos ang kaloob nang pau- . . . o ibibigay yaong—yaong pangitain nang pauna pa lang. . . Kagaya nung makita ni Jesus na namatay si Lazaro, at umalis ng tahanan at naghintay; at pagkatapos sinabi sa kanila kung anong mangyayari, at pagkatapos bumalik at ipinangyari 'yun, hindi nga Niya sinabing nanghina Siya dun. Pero dun sa munting babae, 'yung babae kasi ang gumamit dun sa kaloob ng Diyos. Kayo mismo. Ang kaloob ng Diyos, kapag Siya ang magpapakilos nito, walang magiging ganun. Pero kapag kayo ang magpapakilos nito; kung saan kinukontrol ka ng Diyos sa Kanyang mga kamay, at sasabihin, "Heto't *ganito* ang mangyayari, ganito-ganito-ganito. Ganito ang mangyayari." Tapos ganun ang mangyayari; hindi ka manghihina sa ganun. Pero kung 'yung mga tao ang aabot at huhugot dun, dun ka nga manghihina. May paghugot kasi dun.

132 Ang mga tao ngayon, sa Kapanahunang ito ng Iglesyang Laodicea, ang huling paghahandang pagbibilang. Nakita n'yo ba, nung isang gabi, bago bumisita ang papa ng Roma sa pinakaunang pagkakataon, sa buong kasaysayan, sa Jerusalem? Wala pang kahit sinong papa ang nagpunta ng Jerusalem, na ipinadala dun, noon. Kita n'yo, nanggaling nga siya ng Roma't nagpunta ng Jerusalem. Ang iglesya, tinitipo ng buwan ang iglesya, pinapaaninag ang liwanag ng araw, habang wala ito. Ang Diyos nga'y gumagawa ng mga tanda sa langit bago Niya ito ihayag sa lupa. Napansin n'yo ba 'yung buwan na nagdilim nang husto? Ang Jerusalem ang pinaka matandang iglesya sa buong mundo. Kita n'yo? At kapag ang Konsehong Eknemikal na ito at lahat ay. . .

133 Grabe, umaasa ako, sa inyo na mga narito, na tumimo ito sa inyo. Kung iaanib mo ang iyong sarili, di n'yo ba nalalaman na tinatanggap mo sa ganyan ang tanda ng hayop, kaibigan ko? "Oh," sasabihin n'yo, "kapag nakikita ko nang nangyayari na!" Huli na sa oras na 'yan. Huli na para sa inyo. Kita n'yo? Huli na sa panahong 'yan. Tandaan n'yo, lumakad sila para bumili ng Langis, pero wala nang. . . di na sila makabili.

134 Napansin n'yo ba 'yung pangyayaring 'yun, ano 'yung nagpadilim nang husto sa buwan? Humarang ang mundo sa pagsisinagan nito. Kaya ganyan din 'yan na ang sanlibutan ay

humarang sa Liwanag ng Kasulatan, sa kalagitnaan ng mga Presbyterian, Methodist, Baptist, Pentecostal, at lahat sila. Yun ang dahilan ng kadiliman.

<sup>135</sup> At napansin din n'yo ba na ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, hayan nga, na ito lang ang natatanging kapanahunan ng iglesya na si Jesus ay naroon sa labas, sinisikap makapasok? Napansin n'yo ba na di Niya sinabing "pinabayaang lang silang ganoon"? Si Jesus ang Salita (Tama ba 'yun?), ang nahayag na Salita. Ngayon Siya'y . . . Ngayon pakinggan n'yo po ito. Hindi Siya, kita n'yo, lumakad palayo at iniwan sila, bagkus sinisikap Niya na makakuha ng tulong saanman. "Ang magbubukas sa pintuan, papasok Akong kasama niya, hahapong kasama niya, at siya'y kasalo Ko." Pero, wala ni isang pintuan, kita n'yo; sinisikap lamang na makapasok, mula sa labas. Hindi tao ang tinatanggihan nila. Diyos ang tinatanggihan nila.

<sup>136</sup> Sumasampalataya ka ba, munting binibini na nakasuot ng salamin? Oo. Sinasampalatayanan mo ba ito? Mula kanina pa'y pinagbubulay-bulay mo na ito nang maigi. Gagaling ang mata mo kung sasampalatayanan mo ito.

<sup>137</sup> Ngayon hayaan mong sabihin ko ito sa iyo. May nagsasabi riyan, "Nakasuot kasi 'yung babae ng salamin, kaya nalaman niya." Hindi ganun.

<sup>138</sup> Bumaling ka rito. Halika rito; di na kailangang umakyat, bumaling ka lang dito pansumandali. Nananampalataya ka ba na ako'y propeta Niya, o lingkod Niya? Nananampalataya ka ba? Manampalataya ka. Kanina mo pa, sa pagbubulay mo kani-kanina, iniisip mo na grabeng hiwaga talaga 'yun, "Grabeng kapahayagan 'yun, 'yung buwan, at 'yung ipinapahiwatig nun." Tama ba? Tama ba, itaas mo ang iyong kamay.

<sup>139</sup> Ngayon papaano ko malalaman maging ang iniisip niya sa kanyang puso? "Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso."

<sup>140</sup> Ngayon may gusto kang ipanalangin na tao, o may gusto kang mangyari. Heto, ito ang sumasagi ngayon sa puso mo. Heto, ito ang nasa puso mo. May dalawang kapatid kang lalaki na ipinapanalangin mo, at silang dalawa'y lasenggo. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong mga kamay. Sige.

<sup>141</sup> Buweno, kita n'yo, hayan nga. Kita n'yo? Kita n'yo 'yun? Kita n'yo? "Ito'y mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, kumikilala ng pag-iisip at mga haka ng puso." Hindi pa ba n'yo nakikita ito, mga kaibigan? Nilampasan na natin ang pagsasalita ng iba't ibang wika. Panahon na tayo ng astronaut.

<sup>142</sup> Heto, narito naman ang isang lalaki sa harapan niya, na nakayuko ang ulo. Manipis na ang kanyang buhok, nakasuot ng puting amerikana, nakasuot ng salamin. May espirituwal na suliranin siya na gusto niyang. . . John Thom- . . .

143 Oh, sandali lang po, kilala ko pala ang lalaking ito. Sandali lang po. Pasensya na po. Kilala ko—kilala ko ang lalaking ito. Siyanga. Sa pagkakaalam ko’y nakatagpo ko—ko na siya noon isang beses, kung saan. Di ko lang maisip. Sa palagay ko’y sa Tucson, di pa ganoong katagalan, nakamayan ko sila noon sa parang. . . At—at tama nga.

144 Pero haya’t tinatawag mo nga ang Diyos diyan mismo. May malubhang suliranin ka sa espirituwal na hindi mo alam kung paano mo pahuhupain. Hayan nga, G. Thomas, huwag ka nang mag-alala pa, magiging maayos din ang lahat. Ngayon para mapagkilala n’yo na ito nga’y. . . Puwede n’yo kasing sabihin, “Buweno, kilala niya—kilala niya kasi ’yung lalaki.” Buweno, katabi nga niya diyan ang kanyang asawa. Di ko alam na ’yun pala ang suliranin ni G. Thomas. Siya’y, mapapatunayan niya ’yan sa inyo. Pero hayan nga’t nakaupo sa tabi (niya) niya ang asawa niya, na may karamdaman sa tainga na nagpapahirap sa kanya. Tama po ba? Tama nga. Sige.

145 Heto, dumako naman tayo dun sa kasunod na babae, dun sa babaeng katabi ng asawa niya. Tumingin ka rito, binibini. Nananampalataya ka ba na ako’y Kanyang lingkod? Dito po sa munting binibini na nakasuot ng pulang balabal, ikaw ba’y nananampalataya na ako’y Kanyang lingkod? Pinahihirapan ka rin ng karamdaman, siyanga. Palaging sumasakit ang ulo mo. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ’yan ng Diyos? Kung ganoon nga, itaas mo ang iyong ulo, mga kamay, at sabihin mo, “Sumasampalataya ako.” Sige. Magaling na ’yan. Kita n’yo? Sige, kung sasampalatayanan mo lamang!

146 Heto, dito naman sa munting binibini na nakasuot ng asul na balabal, sa tabi niya. Sumasampalataya ka ba, kapatid na babae? Sumasampalataya ka ba na may kakayahan ang Diyos na magpagaling ng sakit sa puso at magpaigi ng pakiramdam mo? Siyanga ba? Sige, makakamtam mo.

147 Sa binibini naman sa tabi niya, sa matandang ginang po, ubanin na ang buhok. Sumasampalataya po ba kayo na kaya ng Diyos na pagalingin, din, maging ang altapresyon, at paigihin ang pakiramdam mo? Sige, makakamit mo ang kagalingan mo. Kita n’yo?

148 Sa binibini naman kasunod niya, may problema ka rin sa iyong tainga, siyanga. Sumasampalataya ka ba na ang Diyos ay nagpapagaling ng mga problema sa tainga? Kung ganoon ay makakamit mo ang kagalingan mo.

149 Sa binibini naman kasunod niya. Sumasampalataya ka ba, binibini, nang buong puso mo, na nagpapagaling ang Diyos? May bagay ka riyan sa iyo na ipinapanalangin mo. Ikaw ba’y sumasampalataya nang buong puso mo na pagagalingin ’yan ng Diyos? Sige, kung sinasampalatayanan mo ’yan nang buong puso

mo, gagaling 'yang sakit mong 'yan sa tiyan. Puwede ka nang makauwi, kumain ng hapunan at magaling ka na.

<sup>150</sup> Sa ginoo po, na nakaupo kasunod—kasunod niya. Ikaw ba'y nananampalataya na—na magagawa ng Diyos na pagalingin ka, rin, at paigihin ang pakiramdam mo? Tinatanggap mo ba ito?

Ilan po, sa iba pang narito, ang nananampalataya rito nang buo sa kanilang puso? Siyanga, makakamtam n'yo. [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>151</sup> Sakit sa tiyan, sakit sa puso, pinagagaling 'yang lahat ng Diyos, pinabubuti ang lagay. Tama. Kung inyong . . .

<sup>152</sup> Diyan sa lalaking kasunod nung babae, may sakit ka nga sa likod. Nananampalataya ka bang nagpapagaling ang Diyos ng sakit sa likod, ginoo? Nananampalataya ka?

<sup>153</sup> Sa binibini naman sa tabi mo may sakit din siya sa likod, siyanga. Nananampalataya ka ba na nagpapagaling ang Diyos ng sakit sa likod, binibini? Sige, makakamtam mo. Tama. Oh, ang tanging bagay na kailangan n'yo lang gawin ay . . .

<sup>154</sup> Yang babae naman na kasunod may problema siya sa colon. Tama. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang problema na 'yan sa iyong colon, binibini? Siyanga ba?

<sup>155</sup> Dito naman, sa hanay rito, tumingin kayo. Mayroon ditong may sugat sa utak na nakaupo riyan. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang sugat na 'yan sa utak? Siyanga ba? Makakamtan mo.

<sup>156</sup> Yung nakaupo sa tabi mo nama'y sinusumpong-sumpong siya ng epilepsy. Nananampalataya ka bang nagpapagaling ang Diyos ng epilepsy?

<sup>157</sup> Yang nakaupo naman sa tabi mo'y may . . . may suliranin siya sa mata niya. Nananampalataya ka bang nagpapagaling ang Diyos ng suliranin sa mata, ginoo?

<sup>158</sup> Yang kasunod naman, 'yang munting batang lalaki diyan, may epilepsy rin siya. Nananampalataya ka bang pinagagaling ng Diyos ang epilepsy?

<sup>159</sup> Ang mahal niya sa buhay na nakaupo kasama niya ay may nararamdaman sa kanyang ulo. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang karamdaman na 'yan sa iyong ulo, binibini? Sige, matatamo mo.

<sup>160</sup> Amen! Ano ito? Ang Salita ng Diyos para sa araw na ito'y mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, si Jesus Cristo sa kapangyarihan ng astronaut! Sinasampalatayanan n'yo ba ito? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>161</sup> Ano ang una nating prayer card? [May nagsasabi, "A."—Pat.] A. Lahat po ng may hawak ng prayer card A, tumayo po kayo rito sa bandang *ito* rito. Sige po't pumunta na rito agad, prayer card A, habang kumikilos pa ang pahid sa paraan Nito ngayon.



Prayer card A. Ano po? [May nagsasabi, “Paakyat ba ang mga tao? O dito sa ibaba na lang? Dito na lang pupuwesto sa kaliwa ang mga ministro.”]

<sup>162</sup> Sige ganito na lang ang gawin natin: Sige’t—sige’t patayuin natin sila sa banda rito, para makababa ako’t maipanalangin ko sila sa baba rito. Sa palagay ko’y mas mainam kung ganun. Sige na po’t lumapit na. [May nagsasabi, “Gusto mo bang mag-mikropono? Itong mikroponong sinasabit, na lang ba?”—Pat.]

<sup>163</sup> Pumunta na kayo rito sa banda *rito*, mga kaibigan, dito po sa gawing ito para makagawa tayo ng pila. Lahat ng prayer card A, mauna po kayong tatayo, mas matagal na nilang hawak ang prayer card nila. Lahat ng may hawak ng prayer card A, dito po kayo tumayo sa banda rito. Billy, sige’t babain mo sila’t tingnan mo kung nakapila na sila.

<sup>164</sup> Ngayon prayer card B, sundan n’yo sila rito. Lahat ng may prayer card B, dun kayo sa kasunod ng A. Paikot, paikot po hanggang sa umabot sa kabilang pasilyo, kung kaya n’yo, at paikutin n’yo ’yung pila n’yo sa gawi rito; A, B.

<sup>165</sup> Kung makasasampalataya lamang kayo ngayon! Sikaping maging astronaut kahit isang beses lang, umalis na kayo sa kotse’t eroplano. Umusad tayo nang umusad hanggang umabot tayo sa puntong ang lahat ng bagay ay naipangyayari.

<sup>166</sup> A, B, ngayon sa mga may prayer card C naman, bumuntot na kayo dun sa dulo ng pila nila. Prayer card C, bumuntot po kayo dun sa dulo ng pila rito, pumila kayo hanggang umabot sa gawi *rito*, dito sa gitnang pasilyo, at dire-diretso rito at sundan n’yo lang ang pila n’yo. Prayer card A, B, C. [May nagsasabi, “Siguro’y may mga natira pa. Baka may natira pa. Tawagin n’yo uli ang mga cards.”—Pat.]

<sup>167</sup> Sige’t paikot na sa gawi *rito* ngayon. Tama ’yan, sundan n’yo lang ’yung pila n’yo hanggang umabot kayo sa gawi *roon*, gawi roon. Paikutin n’yo sa gawi *rito*, para masigurado nating nakapila ang lahat. Prayer card A, B, C, paunahin lang po sila.

<sup>168</sup> Hawakan n’yo lang po ang mga card n’yo, magpapapunta ako ng mga usher diyan para kolektahin ang mga card ninyo. Di ko alam kung paano natin kayo papipilahin ayon sa bilang. Pero sa palagay ko’y ayos na ’yan, siguro. [May nagsasabi, “Ayon na po ’yan, Kapatid na Branham.”—Pat.] Sige papilahin lang sila.

<sup>169</sup> A, B, C, ngayon naman D. A, B, C, D, prayer card D. A, B, C, D. Mayroon po ba riyang D? Sa palagay ko’y lahat na ’yun. Prayer card A, B, C, D. Sige po. Kung mayroon pa riyan na may prayer card pa, pumila lamang po. Lahat ng may prayer card, pumunta na po tayo sa pangkat natin at pumila na. Di natin kaya, na, gawin ’yun, papilahin sila nang sunud-sunod ayon sa bilang.

170 Ngayon gusto kong malaman kung ilan dito ang sasamahan ako sa pananalangin habang kayo'y... habang nananalangin tayo sa mga maysakit. Pakinggan po, kung kayo'y...

171 Ngayon, tingnan n'yo, kung nagpunta lang kayo rito sa pila para maipanalangin, tapos magsasabi, "Buweno, titingnan ko kung mangyayari bang talaga," siguro'y mas mabuti pang manatili na lang kayo sa inyong kinaupuan. Hindi kasi ito mangyayari. Kita n'yo?

172 Ngayon hindi na nga Siya magpapangyari ng isa pa uling bagay, at hinding-hindi na magpapangyari ng panibago pang tanda sa harap ng tao. Yan ang sinasabi ng Biblia. Sige nga't may makapagsasabi ba sa akin na may panibago pang tanda na ipinangako Niya liban dun sa ipinangyari na Niya rito. "Kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma," at Malakias 4, at lahat ng pangakong ginawa na Niya, lahat ay tumutugaygay nga sa iisang bagay. Wala nang iba pang tanda ang ibibigay sa iglesya. Ang susunod n'yo nang makikita ay pagpailanlang na sa Kalangitan. Sila'y kukunin na pataas.

173 Huwag, huwag n'yong palampasin ito, kaibigan. Tandaan n'yo, pakinggan n'yo lamang ang Tinig ko. Babagabagin ka nito buong buhay mo, kung hindi pa kayo nakakapasok dun. May isang dako, kung saan magdurusa ka sa iyong kaparusahan, at may pag-iiyakan at pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin, ang Tinig na 'yun ay sisigaw nang pabalik-balik, maririnig mo Iyon nang paulit-ulit sa dakong 'yun na puro kapanglawan, nakakapangilabot na lugar na impiyerno. Huwag n'yo nang palampasin pa. Ito na ang pagkakataon n'yo.

174 Ngayon, oh, napakarami pala! Iniisip ko kung makakaya kong ang lahat... Ayos lang po ba, mga kapatid na lalaki kung sasamahan n'yo ako sa pananalangin, tulungan n'yo akong ipanalangin sila? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Sige po."—Pat.] Ngayon, mga ministro po ba, ang nasa banda rito? ["Opo."] Hindi ako—hindi ako aalis ng lugar na ito nang...

175 Ngayon, tingnan n'yo, marahil may nasabi akong matitigas na bagay patungkol sa eroplano, kotse. Tandaan n'yo po, mga horsepower din ang mga ito, siyanga. Ang lahat ng ito'y horsepower din. Ang iglesya'y mas tumataas lang ngayon, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo: Yun din 'yung Espiritu Santo na inaring-ganap tayo. Kayong mga ministro, alam n'yo nga ito? Espiritu Santo ang nagpapaging banal sa atin. Espiritu Santo ang nagpupuno sa atin. Espiritu Santo ang nagbibigay sa atin ng pananampalatayang magdadala sa atin sa pag-agaw, kita n'yo, habang tayo'y tumataas nang tumataas.

176 Ngayon, hindi ako aalis ng lugar na ito, at hahayaan kong isipin n'yo na ang inyong... tapos, "Oh, walang kapantay si Kapatid na Branham!" Hindi po. Ni hindi nga ako karapat-dapat na maupo sa tabi ng mga pastor dito. Wala akong—wala

akong pinag-aralan. Ako, ako'y malayo sa pagiging bihasa. At 'yan ang dahilan kung bakit itinutulot ng Diyos na gawin ko ang maliliit na bagay na ito rito, para nga patotohanan ang ipinapangaral sa inyo ng inyong pastor. Sila'y tao ng Diyos.

<sup>177</sup> Pakinggan n'yo po, kung kayo'y may sakit, hindi n'yo na kailangang hintayin pa si Kapatid na Oral Roberts, o Kapatid na Paul Cain, o ako, o sino pa man. Ang maka-Diyos n'yong pastor, sa mga banal at pinaging-banal niyang mga kamay na ipinapatong niya sa inyo, alam n'yo po tinatawag n'yo siya para ipanalangin kayo. Ipinapatong niya ang kanyang mga kamay sa inyo sa tuwing nag-aapoy ka sa lagnat; malalaman mo na lang, pagkatapos ng ilang araw wala ka ng lagnat, at magaling ka na. Ano 'yun? Yun nga'y ang pananampalataya ng pastor mo, kalakip ang pananampalataya mo. Siyanga, po. Hindi siya isang taong itinatabi-tabi lang sa gilid. Lingkod siya ng Diyos, nandun siya sa mismong harapan ng labanan, hawak-hawak ang Tabak na may dalawang talim. Totoo 'yun. Siya nga.

<sup>178</sup> Hihilingin ko ngayon sa mga pastor na pumunta po kayo rito, tumayo kayo rito kasama ko habang tayo'y mananalangin. Maaari po ba, lahat kayo? Pumunta lang po kayo rito at sige lang po. . . Bababa ako ryan sa inyo, at gumawa lang tayo ng dalawang linya sa gawi *rito*. Ngayon kapag napagaling na ang mga tao, di nila masasabi, "Kita n'yo. . ." Ipatong n'yo lang po ang inyong mga kamay, pastor; sige lang, mga kapatid ko. At ngayon kung tayo'y. . . kayo'y. . . Kung pumunta lang kayo. . .

<sup>179</sup> Kung pumunta lang kayo, para sabihin lang, "Buweno, susubukan ko lang. Titingnan ko. . ." Huwag, huwag ganun. Huwag n'yong kunin ang lugar ng iba. Kita n'yo? Pumunta po kayo rito, na alam n'yong makukuha n'yo ang hinihiling n'yo.

<sup>180</sup> Tumingin po kayo rito, napakainam na mga ministro ang narito! Oh, grabe! Karamihan sa mga kalalakihang ito'y kilala ko na. Kilala ko sila. Nakilala ko sila, nung makipagtipon ako sa kanila sa mga agahan, at—at iba pa. Sila'y maka-Diyos na mga tao. Sila'y mga lingkod ng Diyos.

<sup>181</sup> Ngayon tingnan n'yo po rito. Doon sa araw ng Pentecostes, ibinaha-bahagi ng Espiritu Santo ang Sarili Nito, at dumapo sa bawat isa sa mga naroon ang mga dilang Apoy. Ang dakilang Haliging Apoy na 'yun ay nagbaha-bahagi, at bawat isa roon ay nakatanggap ng bahagi ng Espiritu Santong 'yun, sa ibabaw nila, na gaya ng mga dilang Apoy. Buweno, kung kukunin n'yo ang isang dilang Apoy, at kukunin ang dalawang dilang Apoy, para paglakipin 'yun, dalawang beses na bisa ang makukuha sa pinaglakip na 'yun. Kung naaalala n'yo, si Ezekiel po yata 'yun, dun sa pangitain niya ng dalawang tungkod sa kamay, kita n'yo?

<sup>182</sup> Ngayon tumingin po kayo rito, tingnan n'yo itong mayroon kayo rito ngayon, lahat ng naritong mga kalalakihan ng Diyos! Tapos hindi lang 'yan, ilan po rito sa mga tagapakinig ang

mananalangin din, itaas n'yo po ang inyong kamay? Tingnan n'yo po! Ngayon, kayo po na nasa pila para sa pananalangin, tingnan n'yo po. Tingnan n'yo po itong mananalangin para sa inyo, daan-daang tao nga.

<sup>183</sup> Ngayon ang Espiritu Santo'y nandito ngayon mismo, si Jesus Cristo, pinatutunayan ang Kanyang Sarili, narito Siya. Di na Niya mahihigitan ang bagay na 'yan. Ngayon ilan po sa mga narito sa pila para sa pananalangin ang naniniwala riyon, itaas n'yo po ang inyong mga kamay? Ngayon lahat po tayo.

<sup>184</sup> Ngayon tinatawagan ko si Kapatid na Borders, o sinuman, ang tagapanguna n'yo rito sa awitan. Sino po ang tagapanguna ng awitan? May mikropono ka ba diyan? Sige po. Hinihiling ko ang ilan sa kanila na lumapit dito at awitin 'yung awit na 'yun, *Only Believe*. "Lahat ng bagay ay ipangyayari, manampalataya lamang."

<sup>185</sup> Tapos habang inaawit nila ang awiting 'yun, hinihiling ko na ang bawat isa rito'y dumulog sa pananalangin. Huwag—huwag, maliban na lang kung may maganap na kahanga-hanga rito, huwag n'yo pong itaas ang inyong ulo.

<sup>186</sup> Ngayon kinakailangan n'yo ngang maging mapitagan. Nasa pagitan ng kamatayan at buhay ito, para sa ilang mga tao rito. Nandito sila na may cancer, at tumor, at TB, at lahat na, halos mamatay na. Ano po kaya kung ang nanay n'yo ito? Mahal sila sa buhay ng sinuman, alalahanin n'yo. Ngayon maging tunay na mataimtim na po tayo. At kapag lumapit na sila rito at patungan namin sila ng mga kamay . . . Sige po't bababa ako rito kasama ng mga kalalalahanan. At habang sila'y, kami'y, nagpapatong ng mga kamay sa mga tao rito, manalangin kayo na sila'y gumaling.

<sup>187</sup> At ngayon sa mga nasa pila naman para sa pananalangin. Ngayon hayaan n'yo po, dahil maaari ko lamang itong sabihin. Ngayon, sa mga nariyan sa likuran, at sa lahat ng pipila rito sa pananalangin. Kapag dudulog na kayo rito, gawin n'yo po ito ngayon mismo, kung kayo'y—kayo'y maniniwala talaga sa akin. Tingnan n'yo, kapag dudulog na kayo rito sa pila rito, at kapag ang . . . Lumakad na kayo rito sa pilang ito, basta't isipin n'yo lang, na mistula bang lumalakad kayo sa ilalim ng anino ng Krus. Gawin n'yong . . . Ginagawa lamang ng mga kalalalahanan narito nang eksakto kung ano ang sinabi sa kanila ni Jesus na gawin. "Ipatatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may sakit, sila'y magsisigaling." Bababa ako rito, gaya ng sinasabi ko nung simula, pinalalawig ko lang ang aking lambat kasama sila, nang sa gayon ay magawa namin ang lahat ng magagawa namin para tulungan kayo. Makasampalataya ba kayo?

<sup>188</sup> Ngayon manalangin tayo, muna, dahil sabi Rito. . . Alam n'yo, si Pedro nga'y pumunta't nanalangin sa sulok nung silid kung saan nakahimlay noon si Dorcas, patay, at saka lumapit na't ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanya. Pagkatapos

'yun nung pananalangin niya, tumayo siya't lumapit dun at ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanya. Si Elias ay nagpalakad-lakad muna ng paroo't parito sa sahig, hanggang sa lumukob sa kanya ang Espiritu, at pagkatapos nun pumunta na siya't iniinat niya ang katawan niya sa patay na batang 'yun. Naaalala n'yo ba? Ngayon tayo nga'y mananalangin, at pagkatapos ay magpapatong ng mga kamay sa inyo habang dumadaan kayo sa linyang ito. At sa pagdulog n'yo rito, haya't sa mismong pagkapatong na pagkapatong ng mga kamay sa inyo, manindigan kayo at tanggapin n'yo ang pananampalataya n'yo, at lumakad na, na nagpupuri sa Diyos. Maging astronaut po kayo sa mga sandaling ito habang dumudulog kayo, lumipad kayo palayo sa lahat ng kawalan ng pananampalataya.

<sup>189</sup> Makalangit naming Ama, dumating na po kami sa sukdulan at pinaka mahalagang sandali, ang pinaka dakilang mga bagay ay maipangyayari na, sa mga taong maysakit, nandito na kami. Narito, ang dagsa ng daan-daang tao na magdaraan sa linya ng pananalangin ng mga ministro na Iyong tinawag mula sa lahat ng katayuan sa buhay, at kanila ngang ibinigay na ang buhay nila sa Iyo, bilang pagkilala sa Salita ng Diyos at sa kanilang pagkatawag.

<sup>190</sup> Nandito po sa loob ng kahon ang mga panyo, para sa mga maysakit at nagdadalamhati. Panginoong Jesus, itulot Mong ang bawat isa sa kanila'y manumbalik sa kalusugan, habang ipinapadala namin ang mga ito sa kanila sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>191</sup> At habang nagsisilapit sa linyang ito ang mga maysakit, nawa'y ang bawat isa sa kanila, Panginoon, ay magkaroon na ng pananampalataya ngayon. Makapagdesisyon na nawa sila sa kanilang diwa, at sabihin, "Ako'y nagpahapay-hapay. Hindi na ako magpapahapay-hapay pa kailanman. Kung sasampalataya ako, ay ngayon na mismo ako sasampalataya. Nakita ko mismo ang buhay na Salita ng Diyos na nahayag. Batid ko, na sa lugar na ito, si Jesus Cristo ay nandito talaga. Tunay ngang yaong ginagamit Niya para pagpahayagan ng Kanyang Sarili ay di magsasabi ng mali, dahil sinabi Mo, 'Kung may isa sa inyo na espirituwal, o isang propeta, at kung anong sabihin niya ay mangyari, kung gayon ay pakinggan ninyo siya.'"

<sup>192</sup> Panginoong Diyos, nawa'y tumimo 'yan sa isipan ng mga taong narito, ito ngang sinisikap kong ipangusap sa kanila na hindi Ka patay, bagkus Ika'y nabubuhay sa mismong dakong ito ngayon, at Iyo—ang Iyong pahid ay nandito mismo sa Iyong Iglesya at Iyong bayan. Iyo pong itulot na sila'y magsigaling sa kanilang pagdulog dito. Idinadalangin ko ang dalangin na ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>193</sup> Ngayon manatili lang po tayong nananalangin, habang si Kapatid na Borders o sinuman po na mangunguna sa awitan.

Patuloy lang na iyuko ang inyong mga ulo, at bababa na ako ngayon para tumayo diyan sa linya at ipanalangin ang mga tao rito.

<sup>194</sup> [Si Kapatid na Branham at mga ministro'y kasalukuyang nananalangin para sa bawat isa sa pila para sa pananalangin, habang nananalangin ang kongregasyon, at umaawit ng, "*Only Believe.*" Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Lord, I believe,  
 For all things are possible, O Lord, I believe;  
 O Lord, I believe, (itaas po natin ang ating mga  
 kamay habang inaawit natin ito), O Lord, I  
 believe,  
 All things are possible, O Lord, I believe.

<sup>195</sup> Alam n'yo, sa palagay ko'y hindi pa ako nakakaranas ng pila para sa pananalangin sa buong buhay ko, na nakasaksi ako ng grabeng higit na pananampalataya gaya ng nasaksihan ko sa pila rito. Tunay na sa aking palagay ito ang pinaka mainam na pila sa pananalangin na naranasan ko sa Estados Unidos, sa buong buhay ko, grabe ang nakita ko sa pilang ito. Sigurado po ako kung papaanong siguradong-sigurado ako na ang pangalan ko'y William Branham, at heto nga po akong nakatayo rito sa entablado, kayong mga pastor ay makakarinig ng patotoo sa inyong kongregasyon na dumaan sa pilang ito. Grabe talaga ang pananampalataya, isa sa pinaka mainam na naranasan ko sa buong buhay ko, ayon sa natatanging paraan para makita ko ito, sa pamamagitan nga ng pahid ng Espiritu Santo. Grabeng kahanga-hanga talaga. Salamat sa inyo, mga kapatid.

<sup>196</sup> Ngayon ang lahat ng nananampalatayang gumaling na sila, sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hayan po, pakinggan n'yo 'yan! Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>197</sup> Sumainyo ang Diyos hanggang sa magkita-kita uli tayo. Kung loobin ng Diyos, dadako po ako rito sa Tulare. Yun ba ang pangalan nun? Tulare, Tulare sa dako rito, sa susunod na sanlinggo.

<sup>198</sup> Ngayon tumayo na po tayong lahat, pansumandali, habang magtatapos tayo sa kinagawian nating paraan. At pagkatapos mamimigay sila rito ng mga prayer cloth, at iba pa. Pagpalain kayo ng Diyos.


<sup>199</sup> At pagpalain kayo ng Diyos mga kapatid sa pagmimi-ministryo. Iyon nga ang nagdala dun para maging tunay talaga ito, nung kayo na mga kapatid, nung sina Paul Cain at lahat ng iba pang pastor, at lahat kayo'y tumayo rito, grabeng dakilang suporta 'yun sa pananampalataya.

<sup>200</sup> Lubos akong nasisiyahan sa pagtitipong ito, nag-uumapaw ako. Itinuturing ko ito na isa sa mga mapagningas-liwanag na

pagtitipon ko rito sa Estados Unidos. May idinaos ako noon na mas malaki.

<sup>201</sup> Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. [Sinasabi ni Kapatid na babaing Upshaw, “Gusto ko lang makipagkamay sa iyo. Oh, hallelujah!” Si Senador William D. Upshaw ay dagling gumaling sa mismong gawain ng espirituwal na pagkilala ni Kapatid na Branham sa Los Angeles noong Pebrero 8, 1951, matapos na maging baldado sa loob ng animnapu’t anim na taon—Pat.]

<sup>202</sup> Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na babaing Upshaw. Walang sanlinggong lumilipas na hindi kita naiisip at—at si Kapatid na Bill. Magkikita tayo sa pampang dun sa Ibayo, kapatid na babae, sa dako kung saan ang lahat ng lumang mga bagay ay lumipas na. Paparoon tayo sa Ibayong ’yun sa araw na iyon. Amen.

<sup>203</sup> Ngayon iyuko na natin ang ating mga ulo habang hinihiling natin sa pastor dito, lumapit ang isa’t magtapos tayo sa isang panalangin, nang pormal. Iyuko na po natin ang ating mga ulo. Kapatid, pagpalain ka ng Panginoon. 

*PAGHAHANDANG PAGBIBILANG TAG64-0209*  
(Countdown)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng hapon, Pebrero 9, 1964 sa Kern County Fairgrounds sa Bakersfield, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)



## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)